



Medi-Cal Dental

Handbook ng Miyembro

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo mo

Pinagsamang Katibayan ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagbubunyag

Taon ng Benepisyo 2025

Pinamamahalaang Pangangalagang Pang-ngipin ng California (California Dental Managed Care, DMC)

Lalawigan ng Los Angeles – Prepaid na Mga Plano sa Kalusugan (Prepaid Health Plans, PHP)

Ibang Mga Wika at Format

Ibang Mga Wika

Makukuha mo ang Handbook ng Miyembro na ito at ibang mga materyales ng plano nang libre sa ibang mga wika. Tumawag sa 1-844-233-4522 (TTY 1-800-466-7566). Libre ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para matuto ng higit pa tungkol sa mga serbisyo sa tulong sa wika, gaya ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasalin.

Ibang Mga Format

Makukuha mo ang impormasyong ito nang libre sa ibang mga format, gaya ng Braille, 20-puntos na font na malaking titik, audio, at naa-access na mga elektronikong format nang wala kang gagastusin. 1-844-233-4522 (TTY 1-800-466-7566). Libre ang tawag.

Kumpidensyal na Mga Komunikasyon

Karapatan para Humiling ng Kumpidensyal na Mga Komunikasyon

May karapatan kang humiling na makipag-ugnayan Kami sa Iyo tungkol sa Impormasyon ng Personal na Kalusugan Mo (Personal Health Information, PHI) sa pamamagitan ng alternatibong paraan o sa alternatibong mga lokasyon. Dapat naming paunlakan ang kahilingan Mo kung makatuwiran at espesipikong binanggit ang alternatibong paraan o lokasyon kung dapat maipadala ang PHI Mo. Dapat ipatupad ng taga-seguro ng kalusugan ang kahilingan sa kumpidensyal na komunikasyon sa loob ng pitong 7 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang isang elektronikong transmisyon o kahilingan sa telepono o sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap sa

pamamagitan ng primera-klaseng koreo. Hindi namin ibubunyag ang medikal na impormasyong may kaugnayan sa Mga Sensitibong Serbisyo ipinagkaloob sa isang Protektadong Indibidwal sa Subscriber o sinumang naka-enroll sa plano maliban sa Protektadong Indibidwal na tumatanggap ng pangangalaga, nang walang inihayag na nakasulat na awtorisasyon ng Protektadong Indibidwal na tumatanggap ng pangangalaga.

Ang isang **Protektadong Indibidwal** ay nangangahulugang sinumang nasa hustong gulang na nasaklaw ng plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Subscriber o isang menor de edad na maaaring pumayag sa isang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang walang pahintulot ng isang magulang o legal na tagapag-alaga, alinsunod sa batas ng estado o pederal. Hindi kabilang sa “Protektadong Indibidwal” ang isang indibidwal na walang kakayahang magbigay ng may kabatirang pahintulot para sa pangangalagang pangkalusugan alinsunod sa Seksyon 813 ng Probate Code. Ang isang plano sa serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi dapat nangangailangan ng isang protektadong indibidwal na kumuha ng Awtorisasyon ng Subscriber o ng ibang naka-enroll para makatanggap ng Mga Sensitibong Serbisyo o magsumite ng claim para sa Mga Sensitibong Serbisyo kung ang protektadong indibidwal ay may karapatang sumang-ayon sa pangangalaga.

Ang **Mga Sensitibong Serbisyo** ay nangangahulugan ng lahat ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa kalusugan ng pag-iisip o pag-uugali, sekswal at reproduktibong kalusugan, mga impeksiyon na naililipat sa pamamagitan ng pagtatalik, karamdaman sa paggamit ng droga, pag-aalaga na nagpapatunay ng kasarian, at karahasan mula sa asawa o kinakasama, at kabilang ang mga serbisyo inilalarawan sa Mga Seksyon 6924, 6925, 6926, 6927, 6928, 6929 at 6930 ng Kodigo ng Pamilya, at Seksyon 121020 at 124260 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan, na nakuha ng isang pasyente sa o higit pa sa pinakamababang edad na tinukoy para sa pagsang-ayon sa serbisyo tinukoy sa seksyon.

Para humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon mula sa [Health Net](#) para sa anuman sa mga serbisyo nakalista sa itaas, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro o maaari kang magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng sulat o fax sa anuman sa mga sumusunod:

- Online: Website ng [Health Net](#) sa pamamagitan ng pagbisita sa www.hndental.com
- Sa pamamagitan ng koreo sa: [Health Net](#) PO Box 10348, Woodland Hills, CA 91410
- Sa pamamagitan ng telepono sa: Mga Serbisyo sa Miyembro ng [Health Net](#) sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522)
- Sa pamamagitan ng TDD/TTY: 711 o 1-800-466-7566

Mga Serbisyo ng Interpreter

Nagkakaloob ang [Health Net](#) ng mga serbisyo ng pasalitang interpretasyon, kabilang ang wikang pasenyas, mula sa isang kwalipikadong interpreter, sa loob ng 24 oras, nang wala kang gagastusin.

Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Para sa libreng interpreter, mga serbisyong lingguwistika at pangkultura at tulong na magagamit 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, o kunin ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa 1-844-233-4522 (TTY 1-800-466-7566). Libre ang toll ng tawag.

Taglines

English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

1-844-233-4522 يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة توفر أيضًا. 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566) اتصل بـ ريل والخط الكبير هذه الخدمات مجانية (TTY: 1-800-466-7566).

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր
Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-844-233-4522
(TTY: 1-800-466-7566): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու
ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց
համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ
տպագրված նյութեր: Չանգահարեք 1-844-233-4522
(TTY: 1-800-466-7566): Այդ ծառայություններն անվճար
են:

ພາສາມາລ໌ជាກາສາຂຶ້ນ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក រក្សា ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម
ទូរស័ព្ទ ទៅលេខ 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)។
ជំនួយ នឹង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ
ដូចជាឯកសារសរសេរជាអកសរស័ព្ទ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក
ឬឯកសារសរសេរជាអកសរស័ព្ទ ក៏អាចរកបានផងដែរ។
ទូរស័ព្ទ មកលេខ 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)។
សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Simplified Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电
1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)。我们另外还提供
针对
残疾人士的帮助和服务，例如盲文和大字体阅读，提供您方
便取用。请致电 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)。
这些服务都是免费的。

مطلب به زبان فارسی (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566 تماس بگیرید. کمک ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با (1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566 تماس بگیرید. این خدمات رایگان

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे बरेल और बड़े फॉन्ट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566)번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ

ອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-844-233-4522

(TTY: 1-800-466-7566). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ ອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນມີການ

ເຈັບປ່ວຍ ນອກສານທີ່ເປັນອັນກະທັນຫັນ ນແລະມີໂຕພິການໃຫຍ່

ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-844-233-4522

(TTY: 1-800-466-7566). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluc mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzaih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-844-233-4522

(TTY: 1-800-466-7566). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰ
1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ
ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ
ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-844-233-4522
(TTY: 1-800-466-7566).
ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-844-233-4522 (линия TTY: 1-800-466-7566). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-844-233-4522 (линия TTY: 1-800-466-7566). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Libre ang mga serbisyong ito.

เท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ ไปที่หมายเลข 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ ไปที่หมายเลข 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-844-233-4522 (TTY: 1-800-466-7566).

Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-844-233-4522

(TTY: 1-800-466-7566). Các dịch vụ này đều miễn phí.

Maligayang pagdating sa [Health Net Dental](#)!

Salamat sa pagsali sa [Health Net Dental \(Health Net\)](#). Ang [Health Net](#) ay planong pang-ngipin para sa mga taong may Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang [Health Net](#) sa Estado ng California para tulungan kang makakuha ng pangangalagang pang-ngipin na kailangan mo.

Handbook ng Miyembro

Ipinapaalam sa iyo ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa pagsaklaw mo sa ilalim ng [Health Net](#). Pakibasa nang mabuti at lubusan. Tutulungan ka nitong maintindihan at gamitin ang mga benepisyo at serbisyo mo. Ipinapaliwanag din nito ang mga karapatan at responsibilidad mo bilang isang miyembro ng [Health Net](#).

Tinatawag din ang Handbook ng Miyembro na ito na Katibayan ng Pagsaklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagbubunyag. **Bumubuo lamang ang pinagsamang katibayan ng pagsaklaw at form ng pagbubunya na ito ng buod ng planong pangkalusugan. Dapat maikonsulta ang kontrata ng planong pangkalusugan para matukoy ang eksaktong mga tuntunin at kundisyon ng pagsaklaw** Boud lamang ito ng mga alituntunin at patakaran ng [Health Net](#) batay sa kontrata sa pagitan ng [Health Net](#) at ang Kagawaran ng Mga Serbisyo ng Pangangalaga ng Kalusugan (Department of Health Care Services, DHCS). Kung gusto mong malaman ang eksaktong mga tuntunin at kundisyon ng pagsaklaw, makakahiling ka ng kopya ng kontrata mula sa Mga Serbisyo sa Miyembro.

Sa Handbook ng Miyembro na ito, minsang tinutukoy ang [Health Net](#) bilang “namin” o “kami”. Minsang tinatawag ang mga miyembro na “ikaw.” May espesyal na kahulugan ang ilang salitang nasa malalaking titik sa Handbook ng Miyembro na ito.

Tawagan ang [Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-844-233-4522](#) (TTY [1-800-466-7566](#)) para humiling ng kopya ng kontrata. Makakahiling ka rin ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang wala kang babayaran o bisitahin ang website namin sa www.hndental.com para tingnan ang Handbook ng Miyembro.

Maligayang pagdating sa [Health Net](#)

Kontakin Kami

Naririto ang [Health Net](#) para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tawagan ang [Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-844-233-4522](#) (TTY [1-800-466-7566](#)) Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm PST. Libre ang tawag. Maaari mo rin kaming bisitahin online sa anumang oras sa www.hndental.com

Salamat,

[Health Net](#)

PO Box 2182

Milwaukee, WI 53201-2182

Talaan ng mga Nilalaman

Ibang Mga Wika at Format.....	2
Ibang Mga Wika	2
Ibang Mga Format.....	2
Kumpidensyal na Mga Komunikasyon	2
Mga Serbisyo ng Interpreter.....	4
Taglines	4
Maligayang pagdating sa Health Net Dental!	12
Handbook ng Miyembro	12
Kontakin Kami.....	13
Talaan ng mga Nilalaman	14
1. Pagsisimula bilang miyembro	16
Paano humingi nga tulong	16
Sino Ang Maaaring Maging Miyembro	17
Mga Card ng Pagkakakilanlan (Identification Cards, ID).....	17
2. Tungkol sa iyong planong pang-ngipin	19
Pangkalahatang-ideya ng Planong Pang-ngipin	19
Paano gumagana ang iyong planong pang-ngipin	20
Pagpapalit ng Mga Planong Pang-ngipin	21
Pagpapatuloy ng Pangangalaga	23
Ang mga estudyante sa kolehiyo na lumipat sa bagong lalawigan o umalis sa California	25
Mga Dentista na Umaalis sa Health Net	25
Mga Gastos.....	26
3. Paano makakuha ng pangangalagang pang-ngipin.....	29
Pagkuha ng Mga Serbisyon Pang-ngipin	29
Pagpunta sa iyong appointment.....	30
Rutinang Pangangalagang Pang-ngipin.....	31
Apurahang Pangangalagang Pang-ngipin	32
Emerhensiyang Pangangalagang Pang-ngipin	33
Saan makakuha ng pangangalagang pang-ngipin	33
Network ng Tagapagkaloob ng Pang-ngipin	34
Dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD).....	35
Mga Serbisyon Pang-ngipin sa pamamagitan ng Kolehiyo at Unibersidad na Pang-ngipin	37

Mga appointment at pagbisita	37
Pagbabayad.....	38
Mga Pagsasangguni	38
Paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon)	39
Pangalawang Mga Opinyon	40
Napapanahong Pag-access sa Pangangalaga	40
Mga Serbisyo sa Edukasyon ng Kalusugang Pang-ngipin	41
4. Mga benepisyo at serbisyo	42
Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pang-ngipin	42
Ano ang hindi saklaw ng iyong planong pang-ngipin	48
Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal	49
Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (CCS)	49
Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal	51
Koordinasyon ng mga benepisyo	52
5. Pang-iwas na mga serbisyong pang-ngipin ng bata at kabataan.....	53
Mga pag-check up na pang-ngipin	53
Tulong sa pakuha ng pang-iwas na mga serbisyong pang-ngipin ng bata at kabataan	54
6. Mga karapatan at reponsibilidad	55
Ang mga karapatan mo	55
Ang mga reponsibilidad mo	56
Mga paraan para makilahok bilang isang miyembro	58
Abiso sa kawalan ng diskriminasyon.....	59
Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy	63
Abiso tungkol sa Mga Batas.....	63
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang isang nagbabayad ng huling paraan, iba pang pagsaklaw, at pagbawi ng tort.....	64
Abiso ng Pagkilos.....	65
7. Pasusumbong at paglulutas ng mga problema	66
Mga reklamo	67
Mga Apela.....	68
Mga Pagdinig ng Estado	69
Panloloko, pag-aaksaya at Pang-aabuso.....	71
8. Mahalagang mga numero at salitang dapat malaman	73
Mahalagang mga numero ng telepono.....	73
Mga salitang dapat malaman	74

1. Pagsisimula bilang miyembro

Paano humingi nga tulong

Gusto ng [Health Net](#) na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pang-ngipin. Kung mayroon kang anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, gusto ng [Health Net](#) na makarinig mula sa iyo!

Mga Serbisyo sa Miyembro

Narito ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng [Health Net](#) para tulungan ka. Maaari naming:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong planong pang-ngipin at mga nasaklaw na serbisyo
- Tulungan kang pumili o magpalit ng dentista ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Dentist, PCD)
- Sabihin sa iyo kung saan makukuha ang pangangalaga na kailangan mo
- Tulungan kang makakuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles
- Tulungan kang makakuha ng impormasyon sa ibang mga wika at format
- Tulungan kang makakuha ng appointment sa iyong dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD)
- Tutulong sa pag-iskedyul ng transportasyon
- Kumuha ng [Health Net](#) na ID card ng Miyembro
- Kumuha ng listahan ng mga dentista
- Unawain kung paano isumbong at lutasin ang mga karaingan at apela
- Humiling ng mga materyales ng miyembro
- Sagutin ang ibang mga tanong na maaaring mayroon ka

Kung kailangan mo ng tulong, tawagan ang [Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-844-233-4522](#) (TTY [1-800-466-7566](#)). Naririto kami Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm. Libre ang tawag. Maaari mo ring bisitahin online ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa anumang oras sa www.hndental.com



Sino Ang Maaaring Maging Miyembro

Maaaring mayroong programa na Medicaid ang bawat estado. Sa California, tinatawag ang Medicaid na **Medi-Cal**.

Kwalipikado ka sa [Health Net](#) dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal at nakatira ka sa lalawigan ng Los Angeles . Maaaring kwalipikado ka rin sa Medi-Cal sa pamamagitan ang Social Security dahil nakakakuha ka ng SSI o SSP. Para sa mga tanong tungkol sa pagpapa-enroll, tawagan ang Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O bumisita sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Administrasyon ng Social Security sa 1-800-772-1213. O pumunta sa <https://www.ssa.gov/locator/>

Mga Card ng Pagkakakilanlan (Identification Cards, ID)

Bilang miyembro ng [Health Net](#), makakatanggap ka ng ID card ng planong pang-ngipin. Dapat mong ipakita ang iyong ID card ng planong pang-ngipin at Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyo ng Medi-Cal (Medi-Cal Benefits Identification Card, BIC) kapag kumuha ka ng mga serbisyong pang-ngipin. Ang Medi-Cal BIC card mo ay ang card ng pagkakakilanlan ng mga benepisyo na ipinadala sa iyo ng Estado ng California. Dapat mong dalhin ang parehong mga card sa lahat ng pagkakataon. Narito ang mga halimbawa ng ID card ng BIC at planong pang-ngipin para ipakita sa iyo kung ano ang hitsura ng sa iyo.





Halimbawa ng card ng ID ng **Health Net**:

 health net.	1-844-233-4522 hndental.com
Member Name:	Plan Name:
Member ID:	Effective Date:
State Regulated	

Kung hindi ka makatanggap ng ID card ng planong pang-ngipin sa ilang linggo pagkatapos nagpa-enroll, o kung nasira ang card mo, nawala o nanakaw, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo sa Miyembro. Magpapadala ang **Health Net** ng bagong card nang libre.. Tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) Kung wala kang Medi-Cal BIC card o kung nasira ang card mo, nawala o nanakaw, tawagan ang lokal na tanggapan ng lalawigan. Pumunta sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/med-cal/Pages/CountyOffices.aspx> para hanapin ang lokal na tanggapan ng lalawigan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

2. Tungkol sa iyong planong pang-ngipin

Pangkalahatang-ideya ng Planong Pang-ngipin

Ang [Health Net](#) ay planong pang-ngipin para sa mga taong mayroong Medi-Cal sa mga lalawigan ng Sacramento and Los Angeles. Nakikipagtulungan ang [Health Net](#) sa Estado ng California para tulungan kang makakuha ng pangangalagang pang-ngipin na kailangan mo.

Makipag-usap sa isa sa Mga Kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng [Health Net](#) para matuto ng higit pa tungkol sa planong pang-ngipin at kung paano mo ito pakinabangan. Tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Kailan magsisimila at magwawakas ang pagsaklaw mo

Kapag nag-enroll ka sa [Health Net](#), makakatanggap ka ng ID card ng Miyembro ng [Health Net](#) sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo ng pag-enroll. Pakipakita ang Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyo ng Medi-Cal (BIC) at ang iyong ID card ng Miyembro ng [Health Net](#) tuwing pupunta ka para sa anumang mga serbisyong pang-ngipin. Ang ID card ng Miyembro ng [Health Net](#) ay patunay na ikaw ay naka-enroll sa [Health Net](#).

Kailangang ma-renew ang iyong pagsaklaw ng Medi-Cal bawat taon. Kung hindi elektronikong ma-renew ng lokal na tanggapan ng lalawigan mo pagsaklaw ng Medi-Cal mo, papadalhan ka ng lalawigan ng form sa pag-renew ng Medi-Cal. Kumpletuhin ang form na ito at ibalik ito sa ahensya ng mga serbisyong pantao ng lokal ng lalawigan. Maaari mong ibalik ang impormasyon mo online, nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o ibang elektronikong pamamaraan kung magagamit sa lalawigan mo.



Maaari mong wakasan ang pagsaklaw ng [Health Net](#) mo at pumili na isa pang planong pang-ngipin sa anumang oras. Para s tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Mga Opsyon ng Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O bumisita sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Maaari mo ring hilingin na wakasan ang Medi-Cal mo. Dapat mong sundin ang mga proseso ng DHCS kung hihilingin mong wakasan ang pagsaklaw mo.

Minsan, hindi ka na magpagsisilbihan ng [Health Net](#). Dapat wakasan ng [Health Net](#) ang pagsaklaw mo kung:

- Umalis ka sa lalawigan o nakakulong ka
- Wala ka nang Medi-Cal
- Hiniling mong mag-disenroll mula sa [Health Net](#)
- Kwalipikado ka sa ilang programa ng waiver
- Nag-enroll ka sa ibang planong pang-ngipin
- Ipinagamit mo sa iba ang iyong mga benepisyong pang-ngipin

Mga espesyal na konsiderasyon para sa Mga Amerikanong Indian sa pinamamahalaang pangangalaga

Kung Amerikanong Indian ka, may karapatan kang hindi mag-enroll sa planong pang-ngipin ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal. Kung na-enroll ka na [Health Net](#), maaari mong hilinging umalis anumang oras. Kung aalis ka sa [Health Net](#), makukuha mo ang iyong pangangalagang pang-ngipin mula sa Bayad para sa Serbisyong Pang-ngipin ng Medi-Cal. Maaari mo ring makuha ang pangangalagang pang-ngipin sa lugar ng Serbisyong Pangkalusugan ng Indian sa Dibisyon ng Kalusugan ng Bibig. Maaari ka ring manatili sa o mag-disenroll mula sa [Health Net](#) habang kumukuha ng mga serbisyong pang-ngipin mula sa mga lokasyong ito. Para sa impormasyon sa pagka-enroll at pagka-disenroll, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Paano gumagana ang iyong planong pang-ngipin

Ang [Health Net](#) ay planong pang-ngipin na may kontrata sa DHCS. Ang [Health Net](#) nakikipagtulungan sa mga dentista, espesyalistang pang-ngipin, at ibang mga tagapagkaloob sa iyong lugar ng serbisyo (network namin) para magkaloob ng pangangalagang pang-ngipin sa iyo, ang miyembro.

Ipapaalam sa iyo ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng [Health Net](#) kung paano gumagana ang [Health Net](#) at kung paano makuha ang pangangalagang pang-ngipin na kailangan mo. Maaaring tulungan ka ng Mga Serbisyo sa Miyembro na:

- Kumuha ng listahan ng mga dentista



- Humanap ng dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD)
- Mag-iskedyul ng appointment sa PCD mo
- Kumuha ng [Health Net](#) na ID card ng Miyembro
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa nasaklaw at hindi nasaklaw na mga serbisyo
- Kumuha ng mga serbisyo sa transportasyon
- Unawain kung paano isumbong at lutasin ang mga karaingan at apela
- Humiling ng mga materyales ng miyembro
- Sagutin ang ibang mga tanong na maaaring mayroon ka

Para matuto ng higit pa, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). O hanapin ang impormasyon ng serbisyo sa miyembro online sa www.hndental.com

Pagpapalit ng Mga Planong Pang-ngipin

Maaari kang umalis sa [Health Net](#) at sumali sa isa pang planong pang-ngipin sa lalawigan mo sa anumang oras. Tawagan ang Mga Opsyon ng Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077) para pumili ng bagong plano. Maaari kang tumawag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 6:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes, o bisitahin ang www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov.

Tumatagal ng 30 araw para iproseso ang kahilingan mo na umalis sa [Health Net](#) at mag-enroll sa isa pang plano. Para malaman ang katayuan ng kahilingan mo, tawagan ang Mga Opsyon ng Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).

Kung gusto mong umalis sa [Health Net](#) sa lalong madaling panahon, maaari kang humiling sa Mga Opsyon ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa pinabilis (mabilis) na pagka-disenroll. Kung matutugunan ng dahilan ng kahilingan ang mga alituntunin para sa pinabilis na pagka-disenroll, makakatanggap ka ng liham para sabihin sa iyo na naalis ka sa pagkaka-enroll. Kabilang sa mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pagka-disenroll, ngunit hindi limitado sa, mga bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programang Bahay-ampunan o Tulong sa Pag-ampon, mga miyembrong may espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at mga miyembrong naka-enroll na sa Medicare o ibang Medi-Cal o komersyal na pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Maaari maging kwalipikado ko para sa pinabilis na pagka-disenroll kung matutugunan mo ang sumusunod:

- Kung hindi nagamit ng karapat-dapat na miyembro ang mga banepisyo nila sa ilalim ng iyong planong pang-ngipin, na kinakailangang bayaran ng [Health Net](#), sa panahong ng buwan na hiniling ang pagka-disenroll.
- Ang pagka-disenroll ng mga karapat-dapat na miyembro para sa isa sa mga sumusunod na dahilan, ay nangangailangan ng sumusuportang dokumentasyon:

21



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

- Ang miyembro ay isang Amerikanong Indian, isang miyembro ng sambahayan ng Amerikanong Indian, o pinipiling tumanggap ng mga serbisyong pang-ngipin sa pamamagitan ng Serbisyo sa Kalusugan ng Indian (Indian Health Service, IHS) at may nakasulat na pagtanggap mula sa pasilidad ng IHS para sa pangangalaga sa batayang bayad para sa serbisyo.
- Ang miyembro ay tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng programa ng Bahay-apunan o Tulong sa Pag-ampon o inilagay sa pangangalaga ng Mga Serbisyong Pang-protekta sa Bata. Dapat isumite ng awtorisadong magulang na nag-ampon ang kahilingan sa pagka-disenroll, ang awtorisadong nag-ampon na magulang, o ng lisensyadong ahensyang nagkakaloob ng mga serbisyong pang-protekta.
- Ang miyembro ay may komplikadong medikal na kondisyon, isinumite ang kahilingan sa pagka-disenroll na may sumusuportang dokumentasyon ng medikal na kondisyon, plano sa paggamot, at tagal ng paggamot ng dentistang may bayad para sa serbisyo ng Medi-Cal.
- Ang miyembro ay naka-enroll sa isang programa ng Waiver ng Medi-Cal na nangangailangan ng espesyal na pangangalaga sa tahanan.
- Ang miyembro ay nakikilahok sa isang pilot na proyekto sa estado.
- Maling nai-enroll ng HCO ang miyembro sa maling plano o nagbigay ng maling impormasyon.
- Ang miyembro ay nagsumite ng isang hindi pinabilis na kahilingan na nakakatugon sa mga kinakailangan na hindi naproseso sa tamang oras ng HCO.
- Ang miyembro ay lumipat o inilagay sa labas ng lugar ng serbisyo ng plano.
- Ang miyembro ay nakaranas ng pagkasira sa relasyon ng doktor-pasyente na hindi malulutas.
- Ang miyembro ay nangangailangan ng mga serbisyo sa pasilidad ng pag-aalaga at mananatili sa pangmatagalang pangangalaga nang higit sa dalawang magkasunod na buwan.
- Ang miyembro ay namatay na ngunit hindi pa naipapakita sa System ng Petsa ng Pagiging Karapat-dapat ng Medi-Cal.

Maaari mo ring hilingin na umalis sa [Health Net](#) nang personal sa tanggapan ng mga serbisyong pantao sa lokal na lalawigan mo. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/pages/countyoffices.aspx>. O tawagan ang Mga Opsyon ng Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).



Pagpapatuloy ng Pangangalaga

Bilang miyembro ng [Health Net](#), matatanggap mo ang mga pangangalagang pang-ngipin mo mula sa mga tagapagkaloob sa network ng [Health Net](#). Kung nagpapatingin ka ngayon sa mga dentista na wala sa network [Health Net](#), maaaring manatiling makakapagpatingin ka sa kanila nang hanggang sa 12 buwan. Kung hindi sasali ang mga dentista mo sa network namin sa pagtatapos ng 12 buwan, kakailanganin mong lumipat sa mga dentista na nasa network ng [Health Net](#). Para maging karapat-dapat para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga, dapat mayroon kang umiiral na relasyon sa dentista na wala sa network. Ang dentista na wala sa network ay dapat magbigay ng mga rekord na sumusuporta na nakumpleto mo ang hindi bababa sa isang appointment na hindi emerhensiya sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng unang pagka-enroll sa [Health Net](#). Rerepasuhin ng pangkat ng Pamamahala ng Kaso ang lahat ng mga kaso ng pagpapatuloy ng pangangalaga.

Maaari kang humiling ng Pagpapatuloy ng Kaso kung nasa aktibo kang paggamot para sa nasaklaw na mga serbisyo o may aktibong paunang pag-apruba para sa nasaklaw na mga serbisyo. Maaari ring kwalipikado ang mga miyembro na mayroon ng sumusunod nadokumentong mga kondisyon, nakalista sa ilalim ng batas ng California, para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga, kapag hiniling.

- Ang pangangalaga sa bagong silang ay sa pagitan ng pagkapanganak hanggang 36 buwan.
- Pangangalaga sa Pagbubuntis at Pagkatapos ng Panganganak
- Malubhang kronik o akyut na mga kondisyon
- Operasyong na-iskedyul sa loob ng 180 araw ng terminasyon o petsa ng pagkabisa ng pagsaklaw
- Nakamamatay na Karamdaman

Aabisuhan ka ng [Health Net](#) kapag natanggap namin ang iyong kahilingan para sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga, ang petsa kung kailan natanggap ang kahilingan, at ang takdang panahon para magpasya ang plano, sa pamamagitan ng tawag sa telepono, mensaheng text, email, o nakasulat na liham.

Rerepasuhin at kukumpletuhin ng [Health Net](#) ang iyong kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa loob ng mga sumusunod na takdang panahon:

- Mga apurahang kahilingan - sa sandaling kakailanganin ng iyong kundisyon ngunit hindi hihigit sa 3 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap.
- Mga agarang kahilingan - sa sandaling kakailanganin ng iyong kundisyon ngunit hindi hihigit sa 15 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap.
- Mga hindi apurahang kahilingan - sa sandaling kakailanganin ng iyong kundisyon ngunit hindi hihigit sa 30 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan natanggap.



Padadalhan ka ng [Health Net](#) ng sulat na nagpapaalam sa iyo kung inaprubahan o tinanggihan namin ang iyong kahilingan para sa pagpapatuloy ng pangangalaga:

- Mga tinanggihang kahilingan – magsasama ng dahilan para sa desisyon namin at ang karapatan mong maghain ng karaingan o apela. Para sa karagdagang impormasyon sa proseso ng karaingan at mga apela, tingnan ang Kabanata 6 ng Handbook ng Miyembro na ito.
- Mga naaprubahang kahilingan – magsasama ng dahilan para sa desisyon namin, ang yugto ng panahon na magiging aktibo ang Pagpapatuloy ng Pangangalaga, ang prosesong magaganap pagkatapos ng panahon ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga, at ang karapatan mong pumili ng ibang dentista na nasa network.

Panahon ng Muling Pagsisimula ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga

Kung babaguhin mo ang iyong planong pang-ngipin ng pinamamahalaang pangangalaga pagkatapos ng inisyal na pag-enroll o kung nawala mo at sa kalaunan ay mabawi mo ang iyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal sa panahon ng 12-buwang Pagpapatuloy ng Pangangalaga, maaaring magsimula muli nang 1 beses ang panahon ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga.

Kung binago mo ang iyong planong pang-ngipin ng pinamamahalaang pangangalaga o kung nawala mo, tapos nabawi ang pagiging karapat-dapat sa pangalawang pagkakataon (o higit pa), hindi magsisimula muli ang panahon ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga, at hindi ka magkakaroon ng karapatan sa isang bagong 12 buwan ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga.

Kung babalik ka sa Medi-Cal FFS, (kung nalalapat), at kinalaunan ay muling nag-enroll sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga, hindi magsisimulang muli ang panahon ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga.



Ang mga estudyante sa kolehiyo na lumipat sa bagong lalawigan o umalis sa California

Ang mga serbisyong emerhensiya at agarang pangangalaga ay magagamit sa lahat ng miyembro ng Medi-Cal sa buong estado anuman ang lalawigan ng tirahan. Hangga't karapat-dapat ka, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga serbisyong emerhensiya at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasaklawin din ng Medi-Cal ang pangangalagang emerhensiya na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico kung naaprubahan ang serbisyo at nakakatugon ang doktor at ospital sa mga alituntunin ng Medi-Cal. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang emerhensiya, apurahan o anumang iba pang serbisyo sa labas ng Estados Unidos, maliban sa Canada at Mexico.

Kung lilipat ka sa isang bagong lalawigan para pumasok sa kolehiyo, maaari ka pa ring makakuha ng mga serbisyong pang-ngipin, kahit na hindi pinagsisilbihan ng [Health Net](#) ang bagong lalawigan mo, ngunit dapat mong abisuhan ang plano ng [Health Net](#). O maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng regular na Pang-ngipin ng Medi-Cal, na kilala rin bilang Bayad para sa Serbisyo (Fee-for-Service, FFS) ng Medi-Cal. Ito ay tinatawag na pagpapatuloy ng pangangalaga. Nagbibigay ang [Health Net](#) ng mga serbisyo sa pagpapatuloy ng pangangalaga para sa mga estudyante sa kolehiyo kung:

- Ito ay isang emerhensiya

Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Mga Dentista na Umaalis sa [Health Net](#)

Kung ang iyong dentista ay humintong makipagtulungan sa [Health Net](#), maaari kang patuloy na makakuha ng mga serbisyo mula sa dentista na iyon. Ito ay isang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Nagkakaloob ang [Health Net](#) ng mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa:

- Mga serbisyong hindi natapos ng dentista bago umalis sa network [Health Net](#)
- Mga serbisyong hindi natapos ng isang wala sa network na dentista kapag naging aktibo ka sa [Health Net](#)

Nagkakaloob ang [Health Net](#) ng mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung

- Nasaklaw ang mga serbisyo sa ilalim ng iyong planong pang-ngipin
- Medikal na kinakailangan ang mga serbisyo mo
- Natutugunan ng aming klinikal na mga panuntunan ang mga serbisyo
- Wala kang access sa isang nasa network na tagapagkaloob ng [Health Net](#)



Ang **Health Net** ay **hindi** nagkakaloob ng mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga kung

- Ang mga serbisyo ay **hindi** nasaklaw sa ilalim ng iyong planong pang-ngipin
- Ang mga serbisyo ay **hindi** medikal na kinakailangan
- Ang mga serbisyo ay **hindi** natutugunan ang among klinikal na mga panuntunan
- Wala kang access sa isang nasa network na tagapagkaloob ng **Health Net**

Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Mga Gastos

Mga gastos ng miyembro

Pinagsisilbiha ng **Health Net** ang mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihang mga kaso, ang mga miyembro ng **Health Net** ay **hindi** kailangang magbayad para sa nasaklaw na mga serbisyo, premium, co-pay o deductible. Ang nasaklaw na mga serbisyo ay ang mga serbisyong pang-ngipin na responsableng bayaran ng **Health Net**. Kung makakatanggap ka ng bill para sa anumang mga bayarin o copayment para sa isang nasaklaw na serbisyo, huwag bayaran ang bill. Tawagan kaagad ang mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Para sa listahan ng nasaklaw na mga serbisyo, pumunta sa Kabanata 2. Mga Benepisyo at Serbisyo.

Maliban sa mga serbisyong emerhensiya o apurahang pangangalaga, dapat kang kumuha ng paunang pag-apruba mula sa **Health Net** bago ka bumisita sa isang dentista sa labas ng network ng **Health Net**. Kung hindi ka kumuha ng paunang pag-apruba at pumunta ka sa isang dentista sa labas ng network, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang pang-ngipin na nakuha mo mula sa tagapagkaloob na iyon. Para sa listahan ng nasaklaw na mga serbisyo, basahin ang Kabanata 4, “Mga Benepisyo at Serbisyo” sa handbook na ito. Maaari mo ring mahanap ang Direktoryo ng Tagapagkaloob sa website ng **Health Net** sa www.hndental.com

Kung pipiliin mong tumanggap ng mga serbisyong pang-ngipin na hindi nasaklaw ng mga serbisyo sa ilalim ng planong ito, maaaring singilin ka ng isang kalahok na tagapagkaloob ng pang-ngipin ng kanyang karaniwan at nakagawiang rate para sa mga serbisyong iyon. Bago magkaloob sa isang pasyente ng mga serbisyong pang-ngipin na hindi nasaklaw na benepisyo, dapat kang bigyan ng dentista ng plano sa paggamot na kinabibilangan ng bawat inaasahang serbisyo at ang tinanyang gastos ng bawat serbisyo. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pang-ngiping pagsaklaw, maaari kang tumawag sa mga serbisyo ng miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Para ganap na maunawaan ang iyong pagsaklaw, maaari mong hilingin na maingat na suriin ang dokumento ng katibayan ng pagsaklaw na ito.



Paghiling sa **Health Net** na ibalik ang mga nagastos mo

Kung makatanggap ka ng bill para sa nasaklaw na serbisyo, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) kaagad. Kung nagbayas ka para sa isang serbisyo na sa palagay mo ay saklawin ng **Health Net**, maghain ng claim sa amin. Tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) para humiling ng form ng pag-claim, o para sa tulong para maghain ng claim. Gumamit ng form ng pag-claim at sumulat sa amin kung bakit kinailangan mong magbayad para humingi ng form ng pag-claim, o para sa tulong para maghain ng claim. Gumamit ng form ng pag-claim at sumulat sa amin kung bakit kinailangan mong magbayad.

Kung nagbayad ka para sa mga serbisyong natanggap mo na, maaari kang maging kuwalipikado na ma-reimburse (ibalik ang bayad) kung matutugunan mo ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

- Ang serbisyong natanggap mo ay nasaklaw na serbisyo na responsibilidad na bayaran **Health Net**. Hindi ibabalik ng **Health Net** ang ibinayad mo para sa isang serbisyong hindi nasaklaw.
- Natanggap mo ang nasaklaw na serbisyo pagkatapos mong maging karapat-dapat para sa Medi-Cal.
- Hinihiling mong maibalik ang ibinayad mo sa loob ng isang taon mula sa petsa na natanggap mo ang nasaklaw na serbisyo.
- Nagkaloob ka ng patunay na nagbayad ka para sa nasaklaw na serbisyo, tulad ng detalyadong resibo mula sa tanggapang pang-ngipin.
- Natanggap mo ang nasaklaw na serbisyo mula sa isang dentista ng Medi-Cal na nasa network ng **Health Net**. Hindi mo kailangang matugunan ang kundisyong ito kung nakatanggap ka ng mga serbisyong emerhensiya o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na gawin ng mga tagapagkaloob na wala sa - network nang walang paunang pag-apruba.
- Kung ang nasaklaw na serbisyo ay karaniwang nangangailangan ng paunang pag-apruba, nagkaloob ka ng patunay mula sa dentista na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa nasaklaw na serbisyo.

Kung hindi mo matugunan ang isa sa mga kundisyon sa itaas, hindi ibabalik ng **Health Net** ang ibinayad mo. Sasabihin sa iyo ng **Health Net** ang desisyon nitong i-reimburse ka sa isang liham na tinatawag na Abiso ng Pagkilos. Kung matutugunan mo ang lahat ng kundisyon sa itaas, dapat ibalik ng dentistang naka-enroll sa Medi-Cal ang ibinayad mo para sa buong halaga ng binayaran mo. Kung tumanging ang dentista ng Medi-Cal na ibalik ang ibinayad mo, ibabalik ng **Health Net** ang ibinayad mo para sa buong halagang binayaran mo. Dapat ibalik ng **Health Net** ang ibinayad mo sa loob ng 45 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang iyong claim.



Para sa mga miyembrong mayroong pagbabahagi ng gastos

Maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi ng iyong mga gastos sa pangangalagang pang-ngipin bawat buwan bago magkabisa ang mga benepisyo. Tinatawag itong pagbabahagi ng gastos. Nakadepende ang halaga ng iyong pagbabahagi ng gastos sa kita mo. Para sa mga tanong tungkol sa pagbabahagi ng gastos, kontakin ang tanggapan ng mga serbisyong pantao sa lokal na lalawigan mo. Hanapin ang lokal na tanggapan mo [sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medicaid/Pages/CountyOffices.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/services/medicaid/Pages/CountyOffices.aspx).

Paano binabayaran ang isang dentista

Binabayaran ng **Health Net** ang mga dentista sa mga pamamaraan na ito:

- Mga pagbabayad batay sa bilang ng mga tao
 - Binabayaran ng **Health Net** ang ilang dentista ng nakatakdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat miyembro ng **Health Net**. Tinatawag itong pagbabayad batay sa bilang ng mga tao. Nagtutulungan ang **Health Net** at mga dentista para pagdesisyon ang halaga ng pagbabayad.
- Mga pagbabayad para sa bayad para sa serbisyo
 - Nagkakaloob ng pangangalaga ang ilang dentista sa mga miyembro ng **Health Net** at pagkatapos nagpapadala ng bill sa **Health Net** para sa mga serbisyong kanilang ipinagkaloob. Tinatawag itong pagbabayad para sa bayad para sa serbisyo. Nagtutulungan ang **Health Net** at dentista para pagdesisyon kung magkano ang mga gastos sa bawat serbisyo.
- Prospektibong Sistema ng Pagbabayad (Prospective Payment System, PPS)
 - Binabayaran ng **Health Net** ang ilang dentista ng nakatakdang halaga para sa lahat ng serbisyo na isinagawa sa panahon ng parehong petsa ng pagbisita para sa serbisyo. Tinatawag itong rate ng Prospektibong Sistema ng Pagbabayad (PPS). Karaniwang nalalapat ang uri ng rate na ito sa mga klinikang Pederal na kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC).
- Mga Pagbabayad na Insentibo
 - Binabayaran ng **Health Net** ang mga dentista kapat natugunan nila ang mga pamantayan ng kalidad. Kabilang sa mga pamantayan ng kalidad ang mga ito ngunit hindi limita sa:
 - CalAIM
 - Prop 56
 - Mga Pagtatasa sa Panganib ng Mga Bulok ng Ngipin (Caries Risk Assessments, CRA)
 - Taunang Pagbisitang Pang-ngipin (Annual Dental Visit, ADV)
 - Threshold ng Karaingan

Para matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng **Health Net** ang mga dentista, tumawag sa **1-844-233-4522** (TTY **1-800-466-7566**).



3. Paano makakuha ng pangangalagang pang-ngipin

Pagkuha ng Mga Serbisyon Pang-ngipin

PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN MO KUNG PAANO AT KUNG SAAN KA MAKAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANG-NGIPIN.

Maaaring simulan mong makakuha ng mga serbisyo ng pangangalagang pang-ngipin sa petsa ng pagkabisa ng pag-enroll mo sa [Health Net](#). Lagi mong dalhin ang ID card ng planong pang-ngipin at Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyo ng Medi-Cal (BIC) at anumang mga card sa pang-ngipin na insurance. Huwag kailanman ipagamit sa iba ang iyong ID card o BIC card ng [Health Net](#). Tinatawag ding mga tagapagkaloob ng pang-ngipin ang mga dentista.

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD) sa network namin. Ang network ng [Health Net](#) ay isang grupo ng mga dentista na nakikipagtulungan sa amin. Dapat kang pumili ng PCD sa loob ng 30 araw mula sa panahong naging miyembro ka sa [Health Net](#). Kung hindi ka pipili ng PCD, pipili kami ng isa para sa iyo.

Maaari mong piliin ang parehong PCD o ibang mga PCD para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa [Health Net](#).

Kung mayroon kang dentista na gusto mong panatilihin, o gusto mong humanap ng bagong PCD, maaari kang tumungin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin.

29



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm. Libre ang tawag. O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

3 | Paano makakuha ng pangangalagang pang-ngipin

Mayroon itong listahan ng lahat ng mga PCD sa network ng plano namin. Mayroong impormasyon ang pang-ngipin na Direktoryo ng Tagapagkaloob para tulungan kang pumili. Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Tagapagkaloob, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Maaari mong mahanap ang pang-ngipin na Direktoryo ng Tagapagkaloob sa website namin sa www.hndental.com

Kung hindi mo makuha ang pangangalaga na kailangan mo mula sa nakikilahok na tagapagkaloob ng pang-ngipin sa network namin, dapat humiling ang PCD mo sa [Health Net](#) ng pag-apruba para ipadala ka sa tagapagkaloob na wala sa network.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito para matuto nang higit pa tungkol sa mga PCD, ang aming Direktoryo ng Tagapag-kaloob ng pang-ngipin at ang aming network ng tagapagkaloob ng pang-ngipin.

Kapag tumawag ka para sa isang appointment sa iyong PCD, sabihin sa taong sumasagot sa telepono na ikaw ay miyembro [Health Net](#). Ibigay ang iyong numero ng ID ng planong pang-ngipin. Para masulit ang iyong pagbisitang pang-ngipin:

- Dalhin ang iyong card ng pagkakakilanlan ng mga benepisyo ng Medi-Cal (BIC)
- Dalhin ang iyong ID card ng planong pang-ngipin.
- Dalhin ang iyong balidong ID card sa California o lisensya sa pagmamaneho
- Alamin ang iyong Numero ng Social Security
- Dalhin ang iyong listahan ng mga gamot
- Maging handa na makipag-usap sa iyong Dentista ng Pangunahing Pangangalaga (PCD) tungkol sa anumang mga problemang pang-ngipin na napansin mo para sa iyong sarili o sa iyong mga anak.

Tiyaking tawagan ang tanggapan ng iyong PCD kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para makapunta sa at makabalik mula sa iyong mga appointment para sa mga nasaklaw na serbisyo, makakatulong kami na ayusin ang transportasyon para sa iyo. Ang serbisyong ito ay tinatawag na hindi emerhensiyang medikal na transportasyon at hindi para sa mga emerhensiya. Ang ganitong uri ng transportasyon ay magagamit para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa mga serbisyong emerhensiya at maaaring magagamit nang wala kang gagastusin. Pumunta sa Kabanata 4 (Mga Benepisyo at Serbisyo) at repasuhin ang seksyong Hindi Emerhensiyang Medikal na Transportasyon.

30



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Rutinang Pangangalagang Pang-ngipin

Isang mahalagang bahagi ng pangkalahatang kalusugan at kapakanan ang kalusugan ng bibig. Inirerekomenda ng [Health Net](#) na simulan ng mga bata na magpatingin sa dentista sa kanilang unang ngipin o kanilang unang kaarawan. Ang rutinang pangangalaga ay regular na pangangalagang pang-ngipin. Sinasaklaw ng [Health Net](#) ang rutinang pangangalaga mula sa PCD mo. Ang ilang mga serbisyo ay maaaring isangguni sa mga dentista na mga espesyalista, at ang ilang mga serbisyo ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon).

Appointment ng Inisyal na Pagtatasa ng Kalusugang Pang-ngipin

Bilang bagong miyembro ng [Health Net](#), mahalaga para sa iyo na magkaroon ng inisyal na appointment sa kalusugang pang-ngipin sa iyong PCD sa loob ng unang 90 araw ng pag-enroll. Titingnan ng PCD mo ang kondisyon ng bibig mo at matukoy ang mga pang-ngipin na pangangailangan mo. Tatasahin ng iyong PCD ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa bibig at bubuo ng isang plano sa paggamot para panatilihin nasa mabuting kondisyon ang iyong mga ngipin, gilagid, at bibig. Magagamit din nang libre ang edukasyon sa kalusugan ng bibig at mga mungkahi sa website ng [Health Net](#) www.hndental.com.

Kabilang ang impormasyon ng PCD mo sa Pagbating Liham at magagamit sa portal ng Miyembro. Kung kailangan mo ng tulong sa pag-iskedyul ng inisyal na appointment sa kalusugang pang-ngipin sa iyong PCD, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Dalhin ang iyong Medi-Cal BIC at ID card ng [Health Net](#) sa iyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng mga gamot at tanong sa iyong inisyal na appointment sa kalusugang pang-ngipin.

Sa iyong appointment, maaaring magtanong sa iyo ang iyong PCD ng ilang mga katanungan tungkol sa iyong kasaysayan ng kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na kumpletuhin ang isang talatanungan. Maging handa na makipag-usap sa iyong PCD tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung mahuhuli ka o hindi makapunta sa iyong naka-iskedyul na appointment, pakitiyak na tawagan ang tanggaoan ng iyong PCD para ipaalam sa kanila.

Mga Nasaklaw na Serbisyo

Ang lahat ng serbisyong pang-ngipin ay dapat matugunan ang mga kinakailangan ng Medi-Cal na sasaklawin. Ang mga serbisyong dental na maaaring masaklaw



para sa mga bata ay mga:

- Mga eksaminasyon at x-ray
- Mga paglilinis
- Mga paggamot ng flouride
- Mga sealant
- Mga filling
- Mga crown
- Mga pagbunot ng ngipin
- Root canal na paggamot
- Mga brace

Ang mga serbisyong pang-ngipin na maaaring masaklaw para sa mga nasa hustong gulang ay mga:

- Mga eksaminasyon at x-ray
- Mga paglilinis
- Mga Malalimang Paglilinis (pag-scale at pag-plan ng root)
- Mga paggamot ng flouride
- Mga filling
- Mga crown
- Root canal na paggamot
- Mga pagbunot ng ngipin
- Buo at porsyal na mga pustiso
- Ibang medikal na kinakailangang mga serbisyong pang-ngipin

Para sa buong listahan ng mga serbisyong pang-ngipin ng bata at adulto, basahin ang Kabanata 4 sa handbook na ito.

Apurahang Pangangalagang Pang-ngipin

Sinasaklaw ng [Health Net](#) ang apurahang pangangalagang pang-ngipin para sa natapayang ngipin, nawalang laman, crown, o bridge, at di gaanong maramdamang pananakit ng ngipin. Kung kailangan mong magpatingin kaagad sa isang dentista ngunit hindi ito isang emerhensiya, magagamit sa loob ng 72 oras ang mga appointment sa apurahang pangangalaga.

Sa paahon ng normal na oras ng tanggapan, tawagan ang iyong dentista para sa tulong. Kung pagkatapos ng oras ng tanggapan ito, subukang tawagan muna ang iyong dentista. Kung hindi mo maabot ang dentista mo, tawagan ang [Health Net](#) anumang oras sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) para sa tulong.



Emerhensiyang Pangangalagang Pang-ngipin

Sinasaklaw ng [Health Net](#) ang emerhensiyang pangangalagang pang-ngipin. Ang isang emerhensiyang pang-ngipin ay maaaring pangingirot, pagdurugo, o pamamaga na maaaring magdulot ng pinsala sa iyo o sa iyong mga ngipin kung hindi maaayos kaagad. Magagamit ang emerhensiyang pangangalagang pang-ngipin 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Hindi mo kailangan ng pag-apruba mula sa [Health Net](#) para makakuha ng emerhensiyang pangangalaga.

Sa paahon ng normal na oras ng tanggapan, tawagan ang iyong dentista para sa tulong. Kung pagkatapos ng oras ng tanggapan ito, subukang tawagan muna ang iyong dentista. Kung hindi mo maabot ang dentista mo, tawagan ang [Health Net](#) anumang oras sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) para sa tulong.

Maaari ka ring tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung wala ka sa bahay, maaari kang makahanap ng dentista na malapit sa iyo para makakuha ng emerhensiyang pangangalaga. Maaaring singilin ka ng mga dentista na hindi nakakontra sa [Health Net](#) para sa emerhensiyang pangangalaga. Kung magbabayad ka para sa emerhensiyang pangangalaga, ibabalik namin ang ibinayad mo.

Para sa mga medikal na emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na silid ng emerhensiya.

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto kami [Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. to 5:00 p.m.](#) Libre ang tawag.

Saan makakuha ng pangangalagang pang-ngipin

Mga Dentista

Pipili ka ng dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD) mula sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin ng [Health Net](#). Dapat nakikilahok na dentista ang PCD mo. Ibig sabihin na nasa network namin ang dentista. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Makukuha mo ang karamihan sa pangangalaga mo mula sa PCD mo. Ipagkakaloob ng PCD mo ang karamihan sa iyong rutinang pangangalagang pang-ngipin. Isasangguni (ipapadala) ka ng PCD mo sa mga espesyalista kung kailangan mo sila.



Dapat ka ring tumawag kung gusto mong suriin para matiyak na ang PCD na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung nagpapatingin ka sa isang dentista para sa ilang partikular na kundisyon bago ka naging miyembro ng [Health Net](#), maaari kang patuloy na magpatingin sa dentista na iyon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang magbasa ng higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa pahina 24 ng handbook na ito. Para matuto ng higit pa, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Pang-ngipin

Inililista ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Pang-ngipin ng [Health Net](#) ang mga tagapagkaloob na lumalahok sa network ng [Health Net](#). Ang network ay ang grupo ng mga tagapagkaloob na nakikipagtulungan sa [Health Net](#).

Inililista ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Pang-ngipin ng [Health Net](#) ang mga dentista, espesyalista ng pang-ngipin, at klinika tulad ng Pederal na Kwalipikadong Mga Sentro ng Kalusugan (mga FQHC).

Ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin ay may mga pangalan, address ng tagapagkaloob, numero ng telepono, oras ng negosyo at wikang sinasalita. Sinasabi nito kung tumatanggap ang tagapagkaloob ng mga bagong pasyente, ang mga kakayahang pang-kultura at lingguwistika ng tagapagkaloob (ibig sabihin, mga wikang inaalok ng tagapagkaloob o mga interpreter ng wika, kabilang ang Wikang Pasenyas ng Amerikano). Nagbibigay din ito ng antas ng pisikal na kakayahang ma-access para sa gusali, tulad ng paradahan, mga rampa, mga hagdan na may mga handrail at naa-access na mga palikuran.

Maaari mong mahanap ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin sa www.hndental.com.

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Tagapagkaloob, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Network ng Tagapagkaloob ng Pang-ngipin

Ang network ng tagapagkaloob ng pang-ngipin ay ang grupo ng mga dentista at espesyalistang dentista na nakikipagtulungan sa [Health Net](#) para magkaloob ng mga serbisyong nasaklaw ng Pang-ngipin ng Medi-Cal sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Nasa Network

Gagamit ka ng mga dentista sa network ng [Health Net](#) para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pang-ngipin. Makakakuha ka ng pang-iwas at regular na pangangalaga mula sa iyong PCD. Gagamit ka rin ng mga espesyalista at iba pang tagapagkaloob sa network namin.



3 | Paano makakuha ng pangangalagang pang-ngipin

Para makakuha ng Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin ng mga tagapagkaloob ng network, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). O maaari mong mahanap ang aming Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin online sa www.hndental.com.

Para sa apurahan o emerhensiya na pangangalagang pang-ngipin, tawagan ang PCD mo. Kung gusto mo ng tulong para mag-iskedyul ng appointment, o wala ka sa lugar ng iyong tahanan, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Para sa mga medikal na emerhensiyang pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na silid ng emerhensiya.

Wala sa network

Ang mga tagapagkaloob na wala sa network ay ang mga walang kasunduan na makipagtulungan [Health Net](#). Maliban sa apurahan o emerhensiyang pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga tagapagkaloob na wala sa network. Kung kailangan mo ng nasaklaw na mga serbisyo sa pangangalagang pang-ngipin, maaari mong makuha ang mga ito sa labas ng network nang wala kang gagastusin hangga't medikal na kinakailangan at hindi magagamit sa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyo na wala sa network, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo namin at nangangailangan ng pangangalaga na **hindi** isang emerhensiya, tawagan kaagad ang iyong PCD. O tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Kung may mga tanong ka tungkol sa wala sa network o wala sa lugar na pangangalaga, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD)

Ang dentista ng pangunahing pangangalaga (PCD) mo ay ang lisensyadong tagapagkaloob ng pang-ngipin kung saan ka nagpatingin sa karamihan ng iyong pangangalagang pang-ngipin. Tutulungan ka din ng PCD mo na makakuha ng ibang uri ng pangangalaga ng kailangan mo. Dapat pumili ang bagong mga miyembro ng PCD sa loob ng 30 araw ng pag-enroll sa [Health Net](#). Maaari mong piliin ang pangkalahatang dentista bilang PCD mo.

Maaari mo ring piliin ang Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusuga (FQHC), klinika ng komunidad, Klinika ng Kalusugan ng Amerikanong Indian o ibang pasilidad ng pangunahing pangangalaga na mayroong mga serbisyong pang-ngipin bilang PCD mo

35



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

3 | Paano makakuha ng pangangalagang pang-ngipin

kung nasa network ng [Health Net](#) sila at kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo nila. Mga sentro ito na matatagpuan sa mga lugar na walang maraming serbisyo sa pangangalagang pang-ngipin.

Maaari mong piliin ang pareho o ibang mga PCD para sa bawat isa sa pamilya mo na miyembro ng [Health Net](#).

Kung hindi ka makakapili ng PCD sa loob ng 30 araw, pipili para sa iyo ang dentista na nakikipagtulungan sa pangangalaga ng miyembro [Health Net](#).

Ang iyong PCD ay:

- Aalamin ang iyong mga pangangailangang pang-ngipin
- Panatilihin ang iyong mga rekord na pang-ngipin
- Ipagkaloob sa iyo ang pang-iwas at rutinang pangangalagang pang-ngipin na kailangan mo
- Isasangguni (ipadala) ka sa espesyalista kung kailangan mo ng isa

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin para makahanap ng PCD sa network ng [Health Net](#). Mayroong listahan ang Direktoryo ng Tagapagkaloob ng pang-ngipin ng mga FQHC na nakikipagtulungan sa [Health Net](#).

Mahahanap mo ang aming pang-ngipin na Direktoryo ng Tagapagkaloob online sa www.hndental.com O tumawag 1-844-233-4522 (TTY 1-800-466-7566). Maaari ka ring tumawag para malaman kung tumatanggap ng bagong mga pasyente ang gusto mong PCD.

Pagpili ng Mga Dentista

Alam mo na kailangan ng pinakamahasay ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pang-ngipin, kaya, pinakamabuti na pipili ka ng iyong PCD.

Pinakamabuti na manatili sa isang PCD, para malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pang-ngipin. Subalit, kung gusto mong palitan sa bagong PCD, maaari mong palitan anumang oras at nang maraming beses hangga't gusto mo. Dapat mong piliin ang PCD na tagapagkaloob ng pang-ngipin sa network ng [Health Net](#) at tumatanggap ng bagong mga pasyente.

Magiging PCD mo agad ang bagong napili mo pagkatapos mong magpalit.

Para palitan ang PCD mo, pumunta sa www.hndental.com o tumawag sa 1-844-233-4522 (TTY 1-800-466-7566).

Maaaring palitan ng [Health Net](#) ang PCD mo kung hindi tumatanggap ng bagong mga pasyente, umalis sa network, o hindi nagkakaloob ng pangangalaga sa mga pasyente sa



edad mo ang PCD. Maaari ring hilingin sa iyo ng [Health Net](#) o PCD mo na magpalit sa bagong PCD kung hindi mo makasundo o masang-ayunan ang PCD mo, o kung nakakaligtaan o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangan naming palitan ang PCD mo, susulat kami sa iyo.

Kung nagpalit ang PCD mo, at hindi ikaw ang nagpapalit, makakatanggap ka ng liham sa koreo. Naroroon ang pangalan ng bagong PCD mo. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro kung mayroon kang mga tanong tungkol sa PCD mo. Makakakuha ka rin ng bagong ID card ng Miyembro ng Planong Pang-ngipin sa koreo. Naroroon ang pangalan ng bagong PCD mo. Kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng bagong ID card, pumunta sa www.hndental.com o tumawag sa 1-844-233-4522 (TTY 1-800-466-7566).

Mga Serbisyon Pang-ngipin sa pamamagitan ng Kolehiyo at Unibersidad na Pang-ngipin

Nakikipagkontrata ang [Health Net](#) sa Mga Kolehiyo at Unibersidad na Pang-ngipin para magkaloob ng mga serbisyo sa populasyon ng Medi-Cal. Kung tumanggap ka ng pangangalagang pang-ngipin na ipinagkaloob ng kolehiyo at unibersidad na pang-ngipin, ang mga serbisyon iyon ay maisasagawa ng mga estudyante ng pagdedentista o kalinisan na pang-ngipin at mga klinisyan o tagpagturo ng kolehiyong pang-ngipin.

Mga appointment at pagbisita

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pang-ngipin:

- Tawagan ang PCD mo
- Ihanda ang numero ng ID ng [Health Net](#) sa pagtawag
- Magiwan ng mensahe gamit ang pangalan at numero ng telepono mo kung nakasara ang tanggapan
- Dalhin ang iyong BIC at ID card ng planong pang-ngipin sa appointment mo
- Humiling ng transportasyon sa [Health Net](#) sa appointment mo, kung kailangan
- Humiling sa [Health Net](#) para sa kailangang tulong sa wika o mga serbisyo sa paginterpret bago ang appointment mo para magkaroon ng mga serbisyo sa panahon ng pagbisita mo
- Magdala ng card ng pagkakakilanlan o lisensya sa pagmamaneho
- Dumating sa tamang oras para sa appointment mo



- Tumawag kaagad kung hindi mo mapupuntahan ang appointment mo o mahuhuli
- Ihanda ang mga tanong mo sakaling kailanganin mo ang mga ito

Pagbabayad

Hindi mo kailangang magbayad ng anumang deductible o co-pay para sa nasaklaw na mga serbisyo. Hindi ka dapat makatanggap ng bill mula sa dentista. Maaaring makatanggap ka ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (EOB) o pahayag mula sa dentista. Hindi mga bill ang mga EOB at pahayag.

Kung makatanggap ka ng bill, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Sabihin sa amin ang halagang siningil, ang petsa ng serbisyo at dahilan ng bill.

Kung makatanggap ka ng bill o hinilingan na magbayad ng co-pay, maaari kang maghain ng form ng claim. Kakailanganin mong sumulat sa amin kung bakit kinailangan mong magbayad para sa item o serbisyo. Babasahin namin ang claim mo at pagdesisyonan kung maibabalik sa iyo ang ibinayad mo. Para sa mga tanong o para humiling ng form ng claim, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Mga Pagsasangguni

Hindi kinakailangan ng [Health Net](#) ang mga pagsasangguni para magpatingin sa espesyalista. Subalit, maaaring bigyan ka ng PCD mo ng pagsasangguni para ipadala ka sa espesyalista kung kailangan mo ng isa. Ang espesyalista na pang-ngipin ay dentista na tumutuon sa isang bahagi ng pagdedentista. Makikipagtulungan sa iyo ang PCD mo para pumili ng espesyalista. Maaaring tumulong sa iyo ang tanggapan ng PCD mo para itakda ang oras para magpatingin sa espesyalista.

Maaring bigyan ka ng PCD mo ng form para dalhin sa espesyalista ng pang-ngipin. Pupunan ng espesyalista ng pang-ngipin ang form at ipadala pabalik sa PCD mo.

Kung gusto mo ng kopya ng patakaran ng pagsasangguni namin, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566))

Hindi mo kailangan ng pagsasangguni para sa:

- Mga pagbisita sa PCD
- Apurahan o emerhensiyang pangangalaga



Paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng PCD o espesyalista ng pang-ngipin mo na hilingin sa amin bago ka makakuha ng pangangalaga. Tinatawag ito na paunang awtorisasyon o paunang pag-apruba. Nangangahulugan ito na sumasang-ayon ang [Health Net](#) na medikal na kinakailangan ang pangangalaga. Medikal na kinakailangan pangangalagang pang-ngipin kung pang-iwas ito ng karamdamang orofacial, impeksyon, at pangingirot, para ibalik ang porma at pagganap ng dentisyon, o iayos ang disfigurasyon o diperensiya ng mukha. Dapat matugunan ng mga serbisyong pang-ngipin ang mga alituntunin ng programa ng Medi-Cal para sa medikal na pangangailangan.

Kinakailangan ng mga serbisyong pang-ngipin na ito ang paunang pag-apruba, kahit na kung natanggap mo ang mga ito mula sa tagapagkaloob ng pang-ngipin sa network ng [Health Net](#):

- Mga root canal
- Mga crown
- Buo/parsyal na mga pustiso
- Mga Malalimang Paglilinis (pag-scale at pag-plan ng root)
- Pangkalahatang anesthesia at pag-sedate gamit ang IV

Maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba ang iba pang mga serbisyong pang-ngipin na inirerekomenda ng dentista mo.

Para sa ilang serbisyo, gaya ng pangangalaga mula sa isang espesyalistang dentista, kailangan mo ng paunang pag-apruba kung kukuha ka ng pangangalaga sa labas ng network. Magpapasya kami sa loob ng 5 araw ng negosyo, para sa rutinang serbisyo, o 72 oras para sa apurahang pangangalaga.

Nirerepaso namin ang kahilingan para magpasya kung medikal na kinakailangan at nasaklaw ang pangangalaga. **Hindi** namin binabayaran ang aming mga tagasuri para tanggihan ang pagsaklaw o mga serbisyong pang-ngipin. Kung hindi namin inaprubahan ang pangangalaga, sasabihin namin sa iyo kung bakit.

Kokontakin ka ang [Health Net](#) kung kailangan namin ng higit pang impormasyon o mas maraming oras para repasuhin ang kahilingan mo.



Pangalawang Mga Opinyon

Maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sinasabi ng iyong PCD na kailangan mo, o tungkol sa iyong diagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon kung hindi ka sigurado na kailangan mo ng iniresetang paggamot o operasyon.

Upang makakuha ng pangalawang opinyon, tawagan ang PCD mo. Maaaring isangguni ka ng PCD mo sa isang tagapagkaloob ng network para sa pangalawang opinyon. O tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Magbabayad kami para sa pangalawang opinyon kung hihilingin mo o ng iyong dentista ng network at makukuha mo ang pangalawang opinyon mula sa isang dentista ng network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa amin para makakuha ng pangalawang opinyon kung naaprubahan ang dentista na pinili mo para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang apurahang kahilingan, magpapasya kami sa loob ng 72 oras.

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Kung tinanggihan namin ang kahilingan mo para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karaingan. Para matuto nang higit pa tungkol sa mga karaingan, pumunta sa pahina 69 sa handbook na ito.

Napapanahong Pag-access sa Pangangalaga

Dapat magbigay ang [Health Net](#) ng mga appointment sa loob ng mga sumusunod na takdang panahon:

- Mga regular na appointment (kabilang ang pang-iwas na pangangalaga) – 4 na linggo
- Mga appointment sa espesyalista – 30 araw ng negosyo (edad 21+); 30 araw sa kalendaryo (sa ilalim ng edad 21)
- Mga appointment sa apurahang pangangalaga – 72 oras
- Pangangalagang emerhensiya – Dapat na magagamit 24 oras, 7 araw bawat linggo

40



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm. Libre ang tawag. O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Mga Serbisyo sa Edukasyon ng Kalusugang Pang-ngipin

Bahagi nag mga serbisyo sa edukasyon ng kalusugang pang-ngipin ng mga serbisyong pang-iwas at mga pagbisita ng primayang pangangalaga ng kalusugang pang-ngipin. Pinapahalagahan ng [Health Net](#) ang higit pa sa ngipin. Pinapahalagahan namin ang pangkalahatang kalusugan at kapakanan ng miyembro namin. Nagkakaloob ang [Health Net](#) ng madaling pag-access sa mga mapagkukunang pang-ngipin at materyal na pang-edukasyon nang walang bayad. Makakahanap ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa komunidad kasama ng mga serbisyong pangkalusugan at kapakanan na ipinagkakaloob namin sa pamamagitan ng pagbisita sa amin online sa www.hndental.com.

Nag-aalok ang Departamento ng Edukasyong Pangkalusugan ng [Health Net](#) ng walang gastos na mga programa, serbisyo, at mapagkukunan para matulungan ang mga miyembro ng Medi-Cal na manatiling malusog at pamahalaan ang kanilang mga kondisyon sa kalusugan. Maaaring makakuha ang mga miyembro at tagapagkaloob ng higit pang impormasyon ng mga magagamit na programa, serbisyo, at mapagkukunan sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.hndental.com o tumawag sa walang bayad na Linya ng Impormasyon sa Edukasyong Pangkalusugan sa (800) 804-6074 (TTY: [1-800-466-7566](#)).



4. Mga benepisyo at serbisyo

Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pang-ngipin

Sa seksyong ito, ipinapaliwanag namin ang lahat ng iyong nasaklaw na serbisyo bilang miyembro ng [Health Net](#). Libre ang mga nasaklaw na serbisyo mo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito. Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung ito ay para maiwasan at maalís ang orofacial na karamdaman, impeksyon, at pangingirot, para maibalik ang porma at pagganap ng dentisyon, at para iayos ang disfigurasyon o diperensiya ng mukha.

Inaalok namin ang mga uri ng mga serbisyong pang-ngipin na ito:

Uri ng Serbisyo	Mga Halimbawa
▪ Diagnostic	Mga eksaminasyon, x-ray
▪ Pang-iwas	Mga paglilinis, paggamot ng fluoride, sealant (para sa mga bata)
▪ Pagpapanumbalik	Mga filling, crown
▪ Endodontic	Mga pulpotomy, root canal
▪ Periodontal	Operasyon ng gilagid, malalimang paglilinis
▪ Mga natatanggal na Prosthodontic	Agad at kumpletong mga pustiso, parsyal na mga pustiso, mga relíne
▪ Operasyon ng Bibig at Maxillofacial	Mga Pagbubunot
▪ Orthodontics	Mga Brace (para sa mga bata)
▪ Mga Adjunctive	Pag-sedate, pangkalahatang anesthesia

Basahin ang buod ng mga benepisyo at bawat isa sa mga seksyon sa ibaba para matuto nang higit pa tungkol sa eksaktong mga serbisyong makukuha mo.



Buod ng mga benepisyo

Nasa ibaba ang isang buod ng mga benepisyong pang-ngipin para sa mga adulto at bata:

✓ Benepisyo X Hindi isang benepisyo

Proseso	Buong Saklaw	Limitadong Saklaw	Kaugnay sa Pagbubuntis	Nakatira sa Pasilidad (SNF/ICF)
Pagsusuri sa Bibig (Sa ilalim ng edad 3 lamang)	✓	X	X	✓
Inisyal na Eksaminasyon (Edad 3+)	✓	X	✓	✓
Pana-panahong Eksaminasyon (Edad 3+)	✓	X	✓	✓
Regular na Mga Paglilinis	✓	X	✓	✓
Paggamot ng flouride	✓	X	✓	✓
Mga Serbisyong Pagpapanumbalik – Mga Filling	✓	X	✓	✓
Mga Crown*	✓	X	✓	✓
Pag-scale at Pag-plan ng Root (malalimang paglilinis)**	✓	X	✓	✓
Periodontal na Pagpapanatili (mga gilagid)	✓	X	✓	✓
Anterior na Mga Root Canal (sa harap)	✓	X	✓	✓
posterior na Mga Root Canal (sa likod)	✓	X	✓	✓
Parsyal ng Mga Pustiso	✓	X	✓	✓
Buong Mga Pustiso	✓	X	✓	✓
Mga Pagbubunot/Oprasyon sa Bibig at Maxillofacial	✓	✓	✓	✓
Mga Serbisyong Emerhensiya	✓	✓	✓	✓

Mga Pagbubukod:

*1. Hindi benepisyo sa ilalim ng edad 13. Ang mga crown sa mga molar o premolar (mga ngipin sa likod) ay maaaring saklawin batay sa medikal na pangangailangan.

**Hindi benepisyo sa ilalim ng edad 13. Pinapayagan sa ilalim ng mga espesyal na pangyayari.



Programa sa Pagpapalawig ng Pangangalaga sa Postpartum

Nagkakaloob ang programa sa pagpapalawig ng pangangalaga sa postpartum ng napalawig na pagsaklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis. Pinapalawig ng programa ang pagsaklaw ng [Health Net](#) nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagwawakas ng pagbubuntis anuman ang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at walang kailangang karagdagang aksyon.

Kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga nasaklaw na serbisyo na makatwiran at kinakailangan para:

- Protektahan ang buhay;
- Iwasan ang malubhang karamdaman o malubhang kapansanan;
- Pawiin ang matinding kirot;
- Makamit ang paglaki at pagkabuo na naaangkop sa edad; at
- Matamo, mapanatili at mabawi ang kapasidad sa pagganap.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang lahat ng nasaklaw na serbisyo na tinukoy sa itaas, at anumang iba pang kinakailangang serbisyo, paggamot o iba pang mga hakbang para iayos o pabutihin ang mga depekto at pisikal at mental na mga karamdaman at kundisyon, ayon sa kinakailangan ng pederal na benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic at Paggamot (Early ang Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT). Kabilang dito ang pangangalaga na kinakailangan para ayusin o tumulong na maibsan ang isang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon o para mapanatili ang kondisyon ng miyembro para maiwasan itong lumala.

Nagkakaloob ang EPSDT ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa pag-iwas, diagnostic, at paggamot para sa mga sanggol, mga bata at mga kabataan ng mababa ang kita na wala pang 21 taong gulang. Mas marami ang benepisyo ng EPSDT kaysa sa benepisyo para sa mga adulto at idinisenyo para tiyakin na makakatanggap ang mga bata ng maagang pagdetekta at pangangalaga para maiwasan or ma-diagnose at magamot ang mga problema sa kalusugan nang maaga hangga't maaari. Ang layunin ng EPSDT ay para tiyakin na ang mga indibidwal na bata ay makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga sa tamang oras sa tamang setting.

Dalas ng mga serbisyo

Sinasaklaw ang mga serbisyong pang-ngipin kung medikal na kinakailangan. Subalit, para sa ilang mga serbisyo, may mga limitasyon sa kung ilang beses mo maaaring matanggap ang serbisyo sa loob ng isang takdang panahon. Nasa ibaba ang mga karaniwang serbisyo kung saan may mga limitasyon:

44



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

- Mga Eksaminasyon – Bawat 6 na buwan (sa ilalim ng edad 21); Bawat 12 na buwan (mga edad 21+)
- Mga bite-wing na x-ray - Bawat 6 na buwan
- Mga buong bibig na x-ray - Bawat 36 na buwan
- Mga panoramic na x-ray - Bawat 36 na buwan
- Paglilinis ng mga ngipin – Bawat 6 na buwan (sa ilalim ng edad 21); Bawat 12 na buwan (mga edad 21+)
- Topikal na flouride – Bawat 6 na buwan (sa ilalim ng edad 21); Bawat 12 na buwan (mga edad 21+)
- Mga Sealant – Bawat 36 na buwan (sa ilalim ng edad 21 lamang)
- Mga Filling – Bawat 12 na buwan (bawat ngipin ng sanggol); bawat 36 na buwan (bawat permanenteng ngipin)
- Mga Crown – Bawat 5 na taon (edad 13+)
- Malalimang paglilinis (pag-scale/pag-plan ng root) – Bawat 24 na buwan bawat kuwadrado (edad 13+)
- Buo at pasyal na pustiso – Bawat 5 na taon
- Pag-aayos at pag-reline ng pustiso – Dalawang beses bawat taon

Mga serbisyo ng teledentistry

Isang paraan ang Teledentistry ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi nasa parehong pisikal na lokasyon gaya ng iyong dentista. Maaaring kabilang sa Teledentistry ang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa iyong tagapagkaloob, o maaaring may kasamang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong dentista nang walang live na pag-uusap. Mahalaga na ikaw at ang iyong dentista ay magkasundo na ang paggamit ng teledentistry para sa isang partikular na serbisyo ay angkop para sa iyo. Maaaring kontakin mo amg iyong dentista para malaman kung aling mga uri ng mga serbisyo ang maaaring makuha sa pamamagitan ng teledentistry.

Hindi Emerhensiyang Medikal na Transportasyon

May karapatan kang gumamit ng Hindi Emerhensiyang Medikal na Transportasyon (Non-Emergency Medical Transportation, NEMT) kapag pisikal o medikal na hindi ka makakarating sa iyong medikal na appointment sa pamamagitan ng kotse, bus, tren, o taxi, at binabayaran ng plano ang iyong kondisyong pang-ngipin.

Ang NEMT ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van o panghimpapawid na pag-transport. Ang NEMT ay hindi isang kotse, bus o taxi. Pinapayagan ng [Health Net](#) ang pinakamababang gastos ng NEMT para sa iyong mga pangangailangang pang-ngipin kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Ibig sabihin iyon, halimbawa, kung ikaw ay pisikal o medikal na maihahatid ng isang wheelchair van, hindi magbabayad ang [Health Net](#) para sa isang ambulansya. Nararapat ka lang sa panghimpapawid na transportasyon kung ang iyong medikal na kondisyon ay ginagawang hindi posible ang anumang paraan ng transportasyon sa lupa.



Dapat magamit ang NEMT kapag:

- Pisikal o medikal na kailangan gaya ng natukoy sa nakasulat na reseta ng isang manggagamot; o
- Hindi ka maaaring pisikal o medikal na gumamit ng bus, taxi, kotse o van para makarating sa appointment mo;
- Patiunang inaprubahan ng [Health Net](#) na may nakasulat na reseta ng isang manggagamot.

Para humiling ng NEMT, pakitawagan ang [Health Net](#) sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo (Lunes- Biyernes) bago ang appointment mo. Para sa mga apurahang appointment, pakitawgan sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tumawag ka.

Mga limitasyon ng NEMT

Walang mga limitasyon para sa pagtanggap ng NEMT papunta sa o mula sa mga appointment na pang-ngipin na nasaklaw sa ilalim ng [Health Net](#) kapag inireseta ito ng tagapagkaloob para sa iyo.

Ano ang Hindi Nalalapat?

Kung pinakayagan ka ng iyong pisikal at medikal na kondisyon na makarating sa iyong appointment na pang-ngipin sa pamamagitan ng kotse, bus, taxi, o iba pang madaling ma-access na paraan ng transportasyon. Hindi ibibigay ang transportasyon kung hindi nasaklaw ng [Health Net](#) ang serbisyo. Nasa handbook ng miyembro na ito ang isang listahan ng mga nasaklaw na serbisyo.

Gastos sa Miyembro

Walang gastos kapag awtorisado ng [Health Net](#) ang transportasyon.

Hindi Medikal na Transportasyon

Maaari mong gamitin ang Hindi Medikal na Transportasyon (Non-Medical Transportation, NMT) kapag ikaw ay:

- Maglalakbay papunta sa at mula sa isang appointment para sa isang nasaklaw na serbisyo ng [Health Net](#) na inireseta ng tagapagkaloob mo.

Pinapayagan ka ng [Health Net](#) na gumamit ng kotse, taxi, bus, o iba pang pampubliko/ pribadong paraan ng pagpunta sa iyong appointment na pang-ngipin para sa mga serbisyong medikal na nasaklaw ng plano kabilang ang pag-reimburse ng milyahe kapag ang pribadong sasakyan ang transportasyon na inayos ng miyembro at hindi sa pamamagitan ng isang broker ng transportasyon, mga pass ng bus, mga voucher ng taxi o mga tiket sa tren. Pinapayagan ng [Health Net](#) ang pinakamababang gastos na uri ng NMT para sa iyong mga pangangailangang pang-ngipin na magagamit sa panahon ng iyong appointment



Para humiling ng mga serbisyo ng NMT, pakitawagan ang [Health Net](tel:1-844-233-4522) sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) nang hindi bababa sa [10](#) araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang apurahang appointment. Pakihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag tumawag ka.

Mga limitasyon ng NMT

Walang mga limitasyon para sa pagtanggap ng NMT papunta sa o mula sa mga appointment na pang-ngipin na nasaklaw sa ilalim ng [Health Net](#) kapag inireseta ito ng tagapagkaloob para sa iyo.

Ano ang Hindi Nalalapat?

Hindi nalalapat ang NMT kung:

- Ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng NEMT ay medikal na kailangan para makuha ang isang nasaklaw na serbisyo.
- Ang serbisyo ay hindi nasaklaw ng [Health Net](#). Nasa handbook ng miyembro na ito ang isang listahan ng mga nasaklaw na serbisyo.

Gastos sa Miyembro

Walang gastos kapag awtorisado ng [Health Net](#) ang transportasyon.

Mga serbisyo ng manggagawa ng kalusugan ng komunidad (Community health worker, CHW)

Sinasaklaw ng [Health Net](#) ang mga serbisyo ng manggagawa ng kalusugan ng komunidad (CHW) para sa mga miyembro kapag inirekomenda ng isang lisensyadong tagapagkaloob para maiwasan ang karamdaman, kapansanan, at iba pang kondisyon sa kalusugan ng bibig o ang kanilang pag-usad. Walang mga limitasyon sa lokasyon ng serbisyo ang mga serbisyo ng CHW.

Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyong pangkalusugan ng bibig para itaguyod ang kalusugan ng bibig ng Miyembro o tugunan ang mga hadlang sa pangangalaga sa kalusugang pang-ngipin, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon na naaayon sa itinatag o kinikilalang mga pamantayan sa pangangalaga sa kalusugan ng bibig.
- Nabigasyon sa kalusugan ng bibig, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, at suporta para makatulong na makakuha ng pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan ng komunidad.
- Mga serbisyo sa screening at pagtatasa na tumutulong sa pagkonekta ng isang miyembro sa mga serbisyo para mapabuti ang kanilang kalusugan sa bibig.



Ano ang hindi saklaw ng iyong planong pang-ngipin

Hindi saklaw ng Medi-Cal itong mga serbisyong pang-ngipin, lampas sa edad na 21*:

- Mga koronang crown na may mataas na marangal na bakal (ginto)
- Mga prosesong itinuturing na "pang-globo" o "nagsasama," na may hindi nasaklaw na benepisyo
- Flexible na base na parsyal na mga pustiso
- Orthodontic na paggamot (mga brace)
- Ang mga serbisyo sa pagpapanumbalik at crown ay hindi isang benepisyo kapag ang pag-usad ng ngipin ay kaduda-duda dahil sa hindi maibabalik o pagkakasangkot ng periodontal.
- Ang mga serbisyo sa pagpapanumbalik at crown na ipinagkakaloob lamang para palitan ang istraktura ng ngipin na nawala dahil sa attrition, abrasion, erosion o para sa mga layuning kosmetiko ay hindi isang benepisyo.
- Malalimang Paglilinis/Pag-scale kapag ang mga x-ray ay hindi nagpapakita ng radiographic na ebidensya ng pagkawala ng buto.
- Mga partial na pustiso na nakabatay sa bakal maliban kung mayroong umiiral o naaprubahang paggamot na nakaplanong buong pustiso sa kabilang arko
- Nakapirming parsyal na pustiso (bridge) maliban kung may pambihirang medikal na mga kondisyon
- Mga serbisyong nauugnay sa mga implant at implant maliban kung may pambihirang mga medikal na kondisyon

Maaaring malapat ang Mga Pagbubukod ng Medikal na Kondisyon.

Ang mga serbisyong pang-ngipin na ipinagkakaloob sa labas ng [Lalawigan ng Los Angeles](#) ay hindi nasaklaw maliban kung ito ay isang emerhensiya.

Hindi saklaw ng [Health Net](#) ang mga serbisyo ng pagpapayo o pagsasangguni na hindi nasaklaw dahil sa mga kadahilanan ng moralidad o relihiyon. Para matanggap ang mga serbisyong ito, pakitawagan ang Pang-ngipin ng Medi-Cal sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922).



Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal

Mayroong ilang mga serbisyo na hindi sasaklawin ng alinamang Health Net o Medi-Cal, kabilang ang:

- Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (CCS)
- Mga serbisyong walang kaugnayan sa pang-ngipin
- Anumang serbisyong pang-ngipin na hindi nasaklaw ng programang Pang-ngipin ng Medi-Cal
- Mga serbisyo, pamamaraan, appliance, o pagpapanumbalik na pang-ngipin para gamutin ang Temporomandibular Joint Dysfunction (TMJ) kung wala sa file ang naaprubahang paunang awtorisasyon
- Mga serbisyong pang-ngipin na natukoy na para sa mga layuning kosmetiko batay sa propesyonal na pagrepaso
- Mga serbisyong pang-ngipin na natukoy na hindi medikal na kinakailangan batay sa propesyonal na pagrepaso
- Mga serbisyong pang-ngipin para ibalik ang istraktura ng ngipin na nawala dahil sa attrition, abrasion, erosion, o para sa mga layuning kosmetiko
- Mga serbisyong pang-ngipin para sa pagtanggap ng ikatlong molar na ngipin (wisdom teeth) maliban kung ang ikatlong molar ay inuukupahan ang una o pangalawang posisyon ng molar
- Anumang serbisyong pang-ngipin na isinagawa sa labas ng iyong nakatalagang PCD o espesyalista, maliban kung hayagang awtorisado ng Health Net
- Anumang rutinang serbisyong pang-ngipin na isinagawa ng isang dentista o espesyalista sa isang inpatient/outpatient na setting ng ospital

Basahin ang bawat seksyon sa ibaba para matuto pa. O tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (CCS)

Isang programa ng estado ang CCS na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit o kronikong problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga alituntunin ng programa ng CCS. Kung naniniwala ang Health Net o ang iyong Doktorng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Physician, PCP) na ang iyong anak ay may kundisyon ng CCS, isasangguni siya sa programa ng CCS.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Magdedesisyon ang mga kawani ng programa ng CCS kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Kung makukuha ng iyong anak ang mga ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga tagapagkaloob ng CCS para sa kondisyon ng CCS. Patuloy na sasaklawin ng [Health Net](#) ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kundisyon ng CCS gaya ng mga pisikal, bakuna at pagsusuri ng well-child.

Hindi saklaw ng [Health Net](#) ang pangangalaga na ibinigay ng programa ng CCS. Para masaklaw ng CCS ang mga problemang ito, dapat aprubahan ng CCS ang tagapagkaloob, mga serbisyo at kagamitan.

Hindi saklaw ng CCS ang lahat ng problema. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan sa mga problema na hindi nakakapagpagga nang pisikal o na kailangang gamutin gamit ang mga gamot, operasyon o rehabilitasyon (rehab). Sinasaklaw ng CCS ang mga bata na may mga problema tulad ng:

- Congenital na sakit sa puso
- Mga Kanser
- Mga Tumor
- Hemophilia
- Sick cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diyabetis
- Malubhang kronikong mga problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Biwang sa labi/palate
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga Katarata
- Cerebral palsy
- Mga kumbolsyon ng hindi makontrol
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malubhang pinsala sa ulo, utak o spinal cord
- Malubhang pagkapaso
- Malubhang pagkasungki ng ngipin

Nagbabayad ang estado para sa mga serbisyo ng CCS. Kung ang iyong anak ay hindi karapat-dapat para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, siya ay patuloy na makakakuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa [Health Net](#).

Para matuto pa tungkol sa CCS, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).



Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal

Mayroong iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal, kabilang ang:

- **Edukasyong Pangkalusugan:** Nang wala kang gagastusin, nag-aalok ang [Health Net](#) ng mga programa, serbisyo, at mapagkukunan para matulungan ang mga miyembro ng Medi-Cal na manatiling malusog at pamahalaan ang kanilang mga kondisyon sa kalusugan. Maaaring makakuha ang mga miyembro at tagapagkaloob ng higit pang impormasyon ng mga magagamit na programa, serbisyo, at mapagkukunan sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.hndental.com o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY: [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
- **Mga Waiver ng Medi-Cal:** isang programa na nagkakaloob ng mga karagdagang serbisyo sa mga espesipikong grupo ng mga indibidwal, limitadong serbisyo sa mga partikular na heyograpikong lugar, at tagapagkaloob ng medikal na pagsaklaw sa mga indibidwal na maaaring hindi karapat-dapat para sa Medi-Cal.
- **Programa ng Inireresetang Gamot sa Bahagi D ng Medicare:** Isang batas na kinabibilangan ng benepisyo ng inireresetang gamot para sa mga miyembro ng Bahagi D ng Medicare.
- **Programa sa Pangangalaga sa Paningin:** Isang benepisyong pangkalusugan na nasaklaw para sa karamihan ng mga miyembrong kwalipikado sa ilalim ng Medi-Cal.
- **Transportasyon:** Bagama't naiintindihan namin na sinasaklaw ng programa ng Medi-Cal ang hindi emerhensiyang medikal na transportasyon sa pamamagitan ng mga MCO, nag-aalok ang [Health Net](#) ng transportasyon sa pamamagitan ng lokal na vendor na may mataas na kalidad para sa mga Miyembro namin.
- **Karagdagang Mga Benepisyo**
Mga Programa ng Gantimpala ng Mga Miyembro: Sa pag-apruba ng DHCS, nag-aalok ang [Health Net](#) ng isang programang pang-ngipin para tulungan kang manatiling malusog at tulungan kang mamuhay ng mas malusog. Tinatawag namin itong **mga programa ng malusog na pag-uugali**. Maaari kang makakuha ng mga gantimpala habang nakikilahok sa mga programang ito. Maaari kang lumahok sa pamamagitan ng pagbisita sa iyong dentista at pagkakaroon ng magandang kagawian sa kalusugan ng bibig. Maaaring makatanggap ka at ang iyong pamilya ng gift card kapag bumisita ka sa dentista! Maaaring i-redeem a gift card ng Amazon para sa mga supply sa kalusugan ng bibig gaya ng sipilyo, toothpaste, dental floss, at mouthwash; mga gamit sa pangangalaga ng sanggol tulad ng mga diaper, bote, at gatas, mga supply sa paaralan at damit.



- \$20 na Gift Card ng Amazon (Lahat ng Miyembro)
Pagkumpleto sa inisyal na Form ng Screening sa Panganib ng Kalusugan ng Bibig at pagtanggap ng pagbisita ng pang-iwas na pang-ngipin sa loob ng unang 90 araw ng pag-enroll
- \$20 na Gift Card ng Amazon (Mga Batang Miyembro hanggang sa edad isa)
Unang pagbisitang pang-ngipin sa bahay sa edad na isa.
- \$20 na Gift Card ng Amazon (Mga Batang Miyembro na edad 6-9 at 10-14)
Pagtanggap ng pang-ngipin na sealant sa una o pangalawang permanenteng molar.
- \$20 na Gift Card ng Amazon (Mga Batang Miyembro)
Pagtanggap ng dalawang pang-iwas na mga pagbisitang pang-ngipin sa panahon ng 12 buwan
- \$20 na Gift Card ng Amazon (Mga Batang Miyembro)
Pagkatapos ng pagbunot ng ngipin, pagkumpleto ng online na pagtatasa sa kaligtasan ng opioid at mga alternatibong opsyon sa pamamahala ng kirot para sa acute na pangingirot (hal., mga NSAID at acetaminophen).

Kinakailangan mong kumpletuhin ang isang form online na nagpapatunay na natugunan mo ang pamantayan sa itaas at karapat-dapat para sa gift card. Rerepasuhin ng isang kinatawan ng [Health Net](#) ang impormasyon para kumpirmahin kung karapat-dapat ka o hindi na tumanggap ng gift card.

- **Value Added na Mga Benepisyo:** Nag-aalok ang [Health Net](#) ng mga karagdagang code ng benepisyong pang-ngipin na kasalukuyang hindi nasaklaw ng Medi-Cal.

Basahin ang bawat isa sa mga seksyon sa ibaba para matuto nang higit pa tungkol sa iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal.

Koordinasyon ng mga benepisyo

Nag-aalok ang [Health Net](#) ng mga serbisyo para matulungan kang ikoordina ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pang-ngipin nang walang kang gagastusin. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalagang pang-ngipin o pangangalagang pang-ngipin ng iyong anak, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).



5. Pang-iwas na mga serbisyong pang-ngipin ng bata at kabataan

Maaaring makakuha ang mga miyembrong bata at kabataan na wala pang 21 taong gulang ng mga serbisyong pang-ngipin sa sandaling naka-enroll sila. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang tamang pang-iwas na mga serbisyong pang-ngipin. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Mga pag-check up na pang-ngipin

Panatilihin ang malinis ang gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpupunas sa mga gilagid gamit ang bimpō araw-araw. Sa humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang "pagngingipin" habang nagsisimulang lumitaw ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang gumawa ng appointment para sa unang pagbisitang pang-ngipin ng iyong anak sa sandaling lumitaw ang kanilang unang ngipin o sa kanilang unang kaarawan, alinman ang mauna. Ang mga sumusunod na serbisyong pangngipin ng Medi-Cal ay libre o murang mga serbisyo para sa:

Mga sanggol edad 0 hanggang 3:

- Ang unang pagbisitang pang-ngipin ng sanggol
- Unang eksaminasyong pang-ngipin ng sanggol
- Mga eksaminasyong pang-ngipin (bawat 6 na buwan; bawat 3 na buwan mula kapanganakan hanggang edad 3)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Pag-varnish ng fluoride (bawat 6 na buwan)
- Mga filling
- Pagtanggap ng ngipin
- Mga serbisyong emerhensiya
- Pag-sedate (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang edad 4-12:

- Mga eksaminasyong pang-ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga X-ray

53



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Pag-varnish ng fluoride (bawat 6 na buwan)
- Mga sealant ng molar
- Mga filling
- Root canal na paggamot
- Pagtanggag ng ngipin
- Mga serbisyong emerhensiya
- Pag-sedate (kung medikal na kinakailangan)

Mga kabataang edad 13-20:

- Mga eksaminasyong pang-ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Pag-varnish ng fluoride (bawat 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Orthodontics (mga brace) para sa mga kwalipikado
- Mga filling
- Mga crown
- Root canal na paggamot
- Parsyal at buong mga pustiso
- Pag-scale at pag-plan ng root
- Pagtanggag ng ngipin
- Mga serbisyong emerhensiya
- Pag-sedate (kung medikal na kinakailangan)

Kung mayroon kang mga tanong o gustong matuto nang higit pa tungkol sa mga nasaklaw na serbisyong pang-ngipin ng Medi-Cal, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Maaari mo ring bisitahin ang [Health Net](https://www.healthnet.org) sa www.hndental.com

Tulong sa pakuha ng pang-iwas na mga serbisyong pang-ngipin ng bata at kabataan

Tutulungan ng [Health Net](https://www.healthnet.org) ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Ang [Health Net](https://www.healthnet.org) ay maaaring:

- Sabihin sa iyo ang tungkol sa mga magagamit na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga tagapagkaloob na nasa network o mga tagapagkaloob na wala sa network, kapag kinakailangan
- Tumulong sa paggawa ng mga appointment

Magkaloob ng koordinasyon sa pangangalaga para makuha ang tamang pangangalaga kahit na hindi responsable ang [Health Net](https://www.healthnet.org) sa pagbabayad para sa pangangalagang iyon.



6. Mga karapatan at reponsibilidad

Bilang miyembro [Health Net](#), mayroon kang ilang mga karapatan at responsibilidad. Ipapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na iyon. Magkakaloob din ang kabanatang ito ng mga legal na abiso na may karapatan ka bilang miyembro [Health Net](#).

Ang mga karapatan mo

Mayroong ganitong mga karapatan ang mga miyembro ng [Health Net](#):

- Na matrato nang may paggalang, pagbibigay ng nararapat na konsiderasyon sa karapatan ng Miyembro sa privacy at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kompidensiyal ng medikal at pang-ngipin na impormasyon ng Miyembro.
- Para mapagkalooban ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang
Mga Nasaklaw na Serbisyo, tagapagkaloob, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Para makakuha ng ganap na naisalin na nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iyong kagustuhang wika, kabilang ang lahat ng mga abiso sa karaingan at apela.
- Para makapili ng Dentista ng Pangunahing Pangangalaga sa loob ng network ng Kontratista.
- Para lumahok sa paggawa ng desisyon tungkol sa kanilang sariling pangangalagang pang-ngipin, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Para ipahayag ang mga hinaing, pasalita man o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap.
- Para makatanggap ng mga serbisyo ng pasalitang interpretasyon para sa kanilang wika.
- Para magkaroon ng pag-access sa Pederal na Kwalipikadong Mga Sentro ng Kalusugan, Mga Pasilidad ng Serbisyo sa Kalusugan ng Indian, at Mga Serbisyong Emerhensiya sa labas ng network ng Kontratista alinsunod sa pederal na batas.
- Para humiling ng Pagdinig ng Estado, kabilang ang impormasyon sa mga pangyayari sa ilalim kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig.
- Para magkaroon ng pag-access sa, at kung saan legal na naaangkop,



makatanggap ng mga kopya ng, amyendahan o itama ang kanilang Rekord na Pang-ngipin.

- Para ma-disenroll kapag hiniling.
- Para makatanggap ng nakasulat na mga materyales na nagpapabatid sa Miyembro sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malalaking titik, at format ng audio) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa W at I na Code Seksyon 14182 (b)(12).
- Para maging malaya sa anumang anyo ng paghihigpit o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, disiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Para makatanggap ng impormasyon sa magagamit na mga opsyon at alternatibo sa paggamot, na iprinisinta sa paraang naaangkop sa kondisyon at kakayahang umunawa ng Miyembro.
- Para makatanggap ng kopya ng kanyang mga rekord na pang-ngipin, at hilingin na maamyendahan ang mga ito o maitama, gaya ng tinukoy sa mga pederal na regulasyon.
- Kalayaan na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nagatibong naaapektuhan kung paano sila tinatrato ng Kontratista, mga tagapagkaloob, o ng Estado.

Ang mga responsibilidad mo

Mayroong ganitong mga karapatan ang mga miyembro ng [Health Net](#):

- Pagbabasa ng iyong Handbook ng Miyembro.
- Paggamit sa iyong Medi-Cal BIC at mga ID card ng [Health Net](#) kapag pinupuntahan mo ang iyong appointment o kumukuha ng mga serbisyo.
- Hindi pagpayag na gamitin ng ibang tao ang iyong Medi-Cal BIC at mga ID card ng [Health Net](#).
- Pagpapabatid sa [Health Net](#) kung nawala o nanakaw ang iyong ID card.
- Pag-alam sa pangalan ng iyong PCD at Tagapamahala ng Kaso kung mayroon ka nito.
- Ang pag-alam tungkol sa iyong planong pang-ngipin at pag-unawa sa mga alituntunin ng pagkuha ng pangangalaga.
- Pagkumpleto ng iyong inisyal na appointment sa kalusugang pang-ngipin sa iyong PCD sa loob ng unang 90 araw ng pag-enroll.
- Pagkumpleto at pagbabalik ng form sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan ng Bibig sa [Health Net](#) o pagkumpleto ng form online, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa loob ng unang 90 araw para sa pag-enroll. Matatagpuan ang form sa pahina 59 ng handbook ng miyembro na ito.
- Pagkumpleto ng paggamot kasama ang iyong nakatalagang PCD o espesyalista.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm. Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

- Pagiging magalang sa kawani ng [Health Net](#), iyong PCD, o iba pang tagapagkaloob na nagkakaloob ng pangangalaga sa iyo.
- Pagsunod sa lahat ng alituntunin ng tanggapang pang-ngipin tungkol sa pangangalaga at paggawi.
- Ang pagbibigay sa iyong PCD, espesyalista, at [Health Net](#), sa pinakamahasag na kaalaman mo, ng tamang impormasyon tungkol sa iyong pisikal at kalusugang pang-ngipin.
- Pagsasabi sa iyong PCD o espesyalista kung mayroon kang anumang biglaang pagbabago sa iyong pisikal at kalusugang pang-ngipin.
- Pagsasabi sa iyong PCD o espesyalista na naiintindihan mo ang plano ng paggamot at kung ano ang kinakailangan mula sa iyo.
- Pananatili sa plano ng paggamot na naunawaan mo at napagkasunduan ninyo ng PCD o espesyalista mo.
- Pagsasabi sa [Health Net](#) tungkol sa iyong mga pangangailangan at inaasahan sa PCD o espesyalista mo.
- Pag-iskedyul at pagsipot sa iyong mga nakaplanong appointment sa PCD o espesyalista mo.
- Pagsasabi nang maaga sa PCD o espesyalista mo kung hindi ka makakapunta sa iyong mga nakaplanong appointment nang hindi bababa sa 24 na oras nang maaga, o kung mahuhuli ka.
- Ang iyong sariling mga aksyon kung tumanggi ka sa paggamot o hindi sumusunod sa plano, mga tagubilin, at payo sa paggamot ng PCD o espesyalista mo.
- Pag-unawa sa iyong mga benepisyong pang-ngipin, kabilang ang kung ano ang nasaklaw at hindi.
- Pagbabayad ng anumang mga bayarin o pera sa iyong dentista kapag sumasang-ayon na kumpletuhin ang mga serbisyong hindi nasaklaw sa ilalim ng iyong plano.
- Paggamit ng silid ng emerhensiya para sa tunay na mga emerhensiya lamang.
- Pagsasabi sa amin tungkol sa anumang iba pang insurance na mayroon ka.
- Pagsasabi sa amin kung may pagbabago sa address, katayuan ng pamilya, o iba pang pagsaklaw sa kalusugan.
- Pagsasabi sa amin kung sa tingin mo ay mayroong panloloko/pang-aabuso ng tagapagkaloob.
- Pagsusumbong ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso sa [Health Net](#) o Medi-Cal.
- Pagbibigay ng tumpak na impormasyon sa propesyonal na kawani, pagsunod sa mga tagubilin, at pakikipagtulungan sa mga tagapagkaloob.



Mga paraan para makilahok bilang isang miyembro

Gustong makarinig ng [Health Net](#) mula sa iyo. Bawat taon, mayroon kaming mga pagpupulong para pag-usapan kung ano ang gumagana nang maayos at kung paano kami makapagpapabuti. Iniimbitahan ang mga miyembro na dumalo. Samahan kami at sabihin sa amin kung ano ang ipinapalagay mo!

Komite ng Tagapayo sa Komunidad ng [Health Net](#)

Mayroon kaming grupo na tinatawag na [Komite ng Tagapayo ng Komunidad \(Community Advisory Committee, CAC\)](#). Binubuo ang grupo na ito ng [mga miyembro ng Medi-Cal](#), [mga stakeholder ng komunidad](#), at [sumusuportang kawani ng Plano](#). Pinag-uusapan ng grupo kung paano pagbubutihin ang mga patakaran ng [Health Net](#) at responsable para sa:

- Nagrerekomenda ng mga paraan para mas mapagsilbihan ang mga miyembro namin
- Pagrepaso ng mga sukatan ng kalidad para matiyak ang kakuntentuhan ng miyembro
- Pagmumungkahi ng mga pagpapabuti sa mga programa ng [Health Net](#) kabilang ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan ng bibig

Kung gusto mong maging bahagi ng grupo na ito, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Surbey sa Kakuntentuhan ng Miyembro

Gusto namin makarinig mula sa mga miyembro namin. Sa taunang batayan, mamamahagi at susuri ang [Health Net](#) ng Mga Surbey sa Kakuntentuhan ng Miyembro. Isinasagawa ang mga surbey gamit ang isang panayam sa telepono o online/email na pamamaraan. Kung at kapag natanggap mo ang surbey, mangyaring lumahok at ibigay ang iyong tapat na opinyon at puna.



Abiso sa kawalan ng diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang [Health Net](#) sa mga batas ng estado at pederal na mga karapatang sibil at hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nag-iiba ang pagtrato sa kanila dahil sa sekso, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ang [Health Net](#) ay nagkakaloob ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang mas mahusay na makipag-usap, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasensyas
 - Nasusulat na impormasyon na nasa ibang mga format (braille, malaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, at iba pang mga format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa ibang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, kontakin ang [Health Net](#) sa pagitan ng Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522). Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566) o 711 para gamitin ang Serbisyo ng Pagpapabatid ng California.



Form sa Impormasyon ng Kalusugan ng Bibig ng Medi-Cal



Matatanggap mo ang form na ito dahil nag-enroll ka sa isang bagong plano ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pang-ngipin, Pang-ngipin ng Health Net (Health Net). Gagamitin namin ang form na ito para matiyak na makukuha mo ang kinakailangang pangangalaga.

Pakisuri ang mga sagot na nalalapat sa iyo gamit ang asul o itim na panulat. Kumpletuhin ang isang form **para sa bawat tao** sa pamilya mo na naka-enroll sa Health Net. Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang libre ang tool ng Health Net sa **1-844-233-4522**. Magagamit ang kinatawan para makipag-usap sa iyo Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 am at 5:00 pm. Dapat i-dial ng mga user ng TDD/TTY ang **711**.

**Boluntaryo ang pagpunan sa form na ito.
Hindi ipagkakait sa iyo ang pangangalaga batay sa kompidensyal na mga sagot mo.**

Pangalan ng Miyembro:		Petsa ng Kapanganakan:		
Numero ng ID ng Medi-Cal:		Pakilagyan ng tsek ang isa:		
		Oo	Hindi	H/N
1.	Mahigit 12 buwan na ba ang nakalipas mula noong iyong huling pagbisitang pang-ngipin?			
2.	Mayroon ka bang pangingirot kapag kumakain ng malamig, mainit, o matamis na mga pagkain?			
3.	Mayroon ka bang masakit na paglitaw ng ngipin?			
4.	Mayroon ka bang naimpeksyunan na ngipin o mga ngipin?			
5.	Mayroon ka bang nasirang ngipin o mga ngipin?			
6.	Tuyo ba ang bunganga mo?			
7.	Nagdurugo ba ang mga gilagid mo kapag nagsipilyo o nag-floss ka?			
8.	Nagkaroon ka na ba ng anumang paggamot sa gilagid (periodontal)? <i>Kung oo, petsa ng huling paggamot: _____</i>			
9.	Nagsusuot ka ba ng mga pustiso o mga parsyal?			
10.	Kasalukuyan ka bang tumatanggap ng radiation o chemotherapy?			
11.	Buntis ka ba?			
12.	Regular ka bang nagpapatingin sa doktor para sa isang kronikong medikal na kondisyon? <i>Kung oo, i-tsek ang lahat na nalalapat:</i> ☐ Kanser ☐ Diyabetis ☐ Sakit sa Bato ☐ Iba par: _____			
13.	Mayroon ka ba o iniuugnay mo ba ang iyong sarili sa isang mental o pisikal na kapansanan?			

Pakibalik ang nakumpletong form gamit ang nakapaloob na prepaid na sobre o koreo sa:

Health Net Dental, Attn: Pamamahala ng Kaso, PO Box 2182 Milwaukee, WI 53201-2182

Kung sa tingin mo ay kailangan mong magpatingin sa isang dentista bago ka kokontakin ng Health Net, pakikontak ang iyong tanggapang pang-ngipin o humingi ng pangangalaga mula sa isang ospital.

Naiintindihan ko na ang impormasyong ito ay ibubunyag sa aking bagong planong pang-ngipin.

Lagda:	Petsa ng Paglagda:
--------	--------------------



Paano Maghain ng Karaingan

Kung naniniwala kang nabigo ang [Health Net](#) na ipagkaloob ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan batay sa sekso, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan ng pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa [Health Net](#). Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, nang personal, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Kontakin ang [Health Net](#) sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522). O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566).
- Sa pamamagitan ng Koreo: Punan ang form ng reklamo o sumulat ng liham at ipadala ito sa:
[Health Net](#)
P.O. Box 10348
Woodland Hills, CA 91410-0348
Mahahanap ang kopya ng form sa website ng [Health Net's](#) sa https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/members/appeals-and-grievances/medi-cal-dental-appeals-and-grievances.html
- Nang personal: Bisitahin ang tanggapan ng doktor mo o [Health Net](#) at sabihing gusto mong maghain ng karaingan.
- Elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng [Health Net](#) sa https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/members/appeals-and-grievances/medi-cal-dental-appeals-and-grievances.html

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGA NG KALUSUGA NG CALIFORNIA

Makapaghahain ka rin ng reklamo sa karapatang-sibil sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng California, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (Serbisyo sa Pagpapabatid ng Telekomunikasyon)**.
- Sa pamamagitan ng Koreo: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:

Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil
Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan
Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Magagamit ang mga form ng reklamo sa
http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- Elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA KALUSUGAN AT PANTAO NG U.S.

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o sekso, maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantaon ng U.S., Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TTY 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng koreo: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:
Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Pantao ng U.S
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Magagamit ang mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Online: Bisitahin ang Portal ng Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby>

Pinahihintulutan ka ng **Health Net** o ang kinatawan mo na humiling ng kumpidensyal na komunikasyon sa isang format na hiniling mo, kung madaling ipagkaloob ang impormasyon sa format na iyon, o sa mga alternatibong lokasyon.

- Hinihiling sa iyo o sa kinatawan mo ng **Health Net** na gawin ang kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon sa pamamagitan ng pagsulat.
- Balido ang kumpidensyal na kahilingan sa komunikasyon hanggang sa magsumite ka ng kahilingang bawiin ang kahilingan, o magsumite ka ng bago.
- Nalalapat ang kahilingan sa kumpidensyal na komunikasyon sa lahat ng komunikasyon na nagbubunyag ng medikal na impormasyon o pangalan at address ng tagapagkaloob tungkol sa mga serbisyong medikal na natatanggap mo.
- Ipapatupad ng **Health Net** ang kahilingan sa loob ng 7 araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang isang elektronikong transmisyon, o sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap sa pamamagitan ng primera-klaseng koreo. Kikilalanin ng **Health Net** ang pagtanggap ng kahilingan at sasabihin sa iyo ang katayuan ng pagpapatupad ng kahilingan kung hihilingin mo.

62



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1-844-233-4522** (TTY/TDD **1-800-466-7566**).
 Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
 Libre ang tawag.
 O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy

Ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng [Health Net](#) para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal ng mga rekord na pang-ngipin ay magagamit at ibibigay sa iyo kapag hiniling. Ang pahayag ng [Health Net](#) ng mga patakaran at pamamaraan nito para sa pagprotekta sa medikal na impormasyon mo (tinatawag na "Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy") ay kabilang sa ibaba:

ISANG PAHAYAG NA NAGLALARAWAN SA MGA PATAKARAN AT PAMAMARAAN NG [HEALTH NET](#) PARA SA PAGPAPANATILI NG PAGIGING KUMPIDENSYAL NG MGA REKORD NA PANG-NGIPIN AY IBIBIGAY SA IYO KAPAG HINILING.

Gaya ng iniaatas ng batas, ang abisong ito ay tungkol sa mga karapatan mo, ang mga legal na tungkulin at mga kasanayan namin sa privacy na may paggalang sa privacy ng Personal na Impormasyon ng Kalusugan (Personal Health Information, PHI). Tinatalakay din ng nabiso na ito ang tungkol sa paraan na maaari naming kolektahin, gamitin, at ibunyag ang PHI mo. Dapat naming sundin ang mga utos ng abiso na kasalukuyang may bisa. Pinapanatili namin ang karapatang gumawa ng pana-panahong mga pagbabago sa abiso na ito at gawing epektibo ang binagong abiso para sa lahat ng PHI na aming pinapanatili. Mahahanap mo ang aming pinakabagong abiso sa privacy sa website namin sa www.hndental.com

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro namin sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) Lunes hanggang Biyernes (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) mula 8:00 am hanggang 5:00 pm para sa nakasulat na kopya ng abiso na ito.

Para sa impormasyon tungkol sa mga karapatan mo, mga pagpipilian mo, impormasyon ng user at mga pagbubunyag, at mga responsibilidad ng DHCS, pakisuri ang Mga Kasanayan sa Privacy ng DHCS online: <https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Documents/Notice-of-Privacy-Practices-English.pdf>

Abiso tungkol sa Mga Batas

Maraming batas ang nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi kabilang o ipinaliwanang ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa programa ng Medi-Cal. Ang iba pang mga batas ng pederal at estado ay maaaring malapat din.



Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang isang nagbabayad ng huling paraan, iba pang pagsaklaw, at pagbawi ng tort

Sumusunod ang programa ng Medi-Cal sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro nito. Gagawa ang [Health Net](#) ng lahat ng makatwirang hakbang para matiyak na ang programa ng Medi-Cal ang huling paraan ng nagbabayad.

Maaaring magkaroon ang mga miyembro ng Medi-Cal ng ibang pagsaklaw sa kalusugan (Other Health Coverage, OHC), na tinutukoy din bilang pribadong insurance. Bilang kondisyon ng pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, dapat kang mag-aplay para sa o panatilihin ang anumang magagamit na OHC kapag libre ang mga ito.

Iniaatas ng mga batas ng pederal at estado sa mga miyembro ng Medi-Cal na mag-ulat ng OHC at anumang mga pagbabago sa isang umiiral na OHC. Maaaring kailanganin mong muling bayaran ang DHCS para sa anumang mga benepisyong nabayaran nang hindi sinasadya kung hindi ka agad na nag-uulat ng OHC. Isumite ang OHC mo online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kang access sa internet, maaari mong iulat ang OHC sa [Health Net](#) sa pamamagitan ng pagtawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566) or [711](tel:1-800-466-7111)) . Bilang kahalili, maaari kang tumawag sa Sentro ng Pagproseso ng OHC ng DHCS sa [1-800-541-5555](tel:1-800-541-5555) (TTY [1-800-430-7077](tel:1-800-430-7077) or [711](tel:1-800-466-7111)) o [1-916-636-1980](tel:1-916-636-1980).

Mayroong karapatan at responsibilidad ang DHCS na maibalik ang ibinayad para sa mga nasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi unang nagbabayad ang Medi-Cal. Halimbawa, kung napinsala ka sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, maaaring kailanganin munang bayaran ng insurance sa kompensasyon ng sasakyan o manggagawa ang iyong pangangalagang pangkalusugan o ibalik ang ibinayad ng Medi-Cal kung magbabayad ang Medi-Cal.

Kung napinsala ka, at mananagot ang isa pang partido para sa iyong pinsala, dapat abisuhan mo o ang iyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw pagkatapos maghain ng legal na aksyon o isang claim. Isumite ang abiso mo online sa:

- Programa sa Personal na Pinsala sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms>
- Programa sa Pagpapanumbalik sa Kompensasyon ng Manggagawa sa <https://dhcs.ca.gov/WC>

Para matuto ng higit pa, bisitahin ang website ng Dibisyon ng Pananagutan at Pagpapanumbalik ng Third Party ng DHCS sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa [1-916-445-9891](tel:1-916-445-9891).



Abiso ng Pagkilos

Padadalhan ka ng [Health Net](#) ng sulat ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA) anumang oras na tatanggihan, antalahin, wakasan, o binago ng [Health Net](#) ang isang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pang-ngipin. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng [Health Net](#), maaari kang maghain ng apela anumang oras sa [Health Net](#). Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 7 ng handbook na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng apela mo. Kapag nagpadala sa iyo ang [Health Net](#) ng NOA, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatan mo kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa namin.

Mga nilalaman ng mga abiso

Kung ibinatay ng [Health Net](#) ang mga pagtangga, pagkaantala, pagbabago, pagwawakas, pagsususpende, o pagbawas sa iyong mga serbisyo sa kabuuan o bahagi sa medikal na pangangailangan, dapat maglaman ng sumusunod ang iyong NOA:

- Isang pahayag ng pagkilos na binabalak ng [Health Net](#) na gawin
- Isang malinaw at maikling pagpapaliwanag ng mga dahilan sa desisyon ng [Health Net](#)
- [Paano nagdedesisyon ang Health Net](#), kabilang ang mga alituntunin na [ginamit ng Health Net](#)
- Ang mga dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na sabihin ng [Health Net](#) kung paano hindi natutugunan ng kondisyon mo ang mga alituntunin o patnubay.

Mga pagsasalin

[Inaatasan ang Health Net](#) na ganap na isalin at ipagkaloob ang nakasulat na impormasyon ng miyembro sa karaniwang kagustuhang mga wika, kabilang ang lahat ng mga abiso ng karaingan at apela.

Ang ganap na naisalin na abiso ay dapat na kabilang ang medikal na dahilan para sa desisyon ng [Health Net](#) na tanggihan, antalahin, baguhin, wakasan, suspindihin, o bawasan ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan.

Kung hindi magagamit ang pagsasalin sa kagustuhan mong wika, inaatasan ang [Health Net](#) na mag-alok ng tulong sa pagsasalita sa kagustuhan mong wika para maunawaan mo ang impormasyong makukuha mo.



7. Pasusumbong at paglulutas ng mga problema

Mayroong dalawang uri ng mga paraan para magsumbong at maglutas ng mga problema:

- Gumamit ng **reklamo** (o **karaingan**) kapag mayroon kang problema sa [Health Net](#), o isang tagapagkaloob, o sa pangangalagang pang-ngipin o paggamot na nakuha mo mula sa isang tagapagkaloob
- Gumamit ng **apela** kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng [Health Net](#) na hindi saklawin ang mga serbisyo

May karapatan kang maghain ng karaingan at umapela sa [Health Net](#) para sabihin sa amin ang tungkol sa problema mo. Hindi nito inaalis ang alinman sa mga legal na karapatan at remedyo mo. Hindi rin kami mandidiskrimina o gaganti laban sa iyo sa pagrereklamo sa amin. Ang pagpapaalam sa amin tungkol sa problema mo ay makakatulong sa amin na mapabuti ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro. Maaari mong kontakin muna ang [Health Net](#) para ipabatid sa amin ang tungkol sa problema mo. Tawagan kami sa pagitan ng [Lunes hanggang Biyernes 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.](#) sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566) o [711](tel:711)). Sabihin sa amin ang tungkol sa problema mo.

Kung hindi pa rin nareresolba ang karaingan o apela mo pagkatapos ng 30 araw, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari kang tumawag sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Kalusugan ng California (California Department of Managed Health Care, DMHC). Hilingin sa DMHC na repasuhin ang reklamo mo o magsagawa ng Independyenteng Medikal na Pagrepaso (Independent Medical Review, IMR). Kung apurahan ang iyong usapin, gaya ng mga may kalamayan sa seryosong banta sa kalusugan mo, maaari kang tumawag kaagad sa DMHC nang hindi muna naghahain ng karaingan o apela sa [Health Net](#). Maaari kang tumawag sa DMHC nang libre sa [1-888-466-2219](tel:1-888-466-2219) (TTY [1-877-688-9891](tel:1-877-688-9891) o [711](tel:711)). O pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Maaari ring tumulong ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng California (DHCS) Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal. Makakatulong ang Ombudsman sa mga problemang hindi naresolba ng plano; mga problema sa pagsali, pagbabago o pag-alis sa isang plano; at iba pang mga problema sa

66



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm. Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal. Maaari kang tumawag sa Ombudsman sa **1-888-452-8609**, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

Maaari ka ring maghain ng karaingan sa tanggapan ng pagiging karapat-dapat ng lalawigan mo tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino ka maaaring maghain ng karaingan mo, tumawag sa **1-844-233-4522** (TTY **1-800-466-7566**).

Mga reklamo

Ang isang reklamo (o karaingan) ay maaaring tungkol sa pangangalaga na nakukuha mo mula sa tagapagkaloob ng network. Maaari ring ang isang reklamo ay tungkol sa [Health Net](#). Tingnan sa ibaba para sa higit pa tungkol sa mga apela at Pagdinig ng Estado. Maaari mong ihain ang reklamo mo sa iyong PCD o sa [Health Net](#).

Maaari kang maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng koreo. Walang limitasyon sa oras para maghain ng reklamo.

- **Sa Pamamagitan ng Telepono:** Tumawag sa **1-844-233-4522** (TTY **1-800-466-7566**). Ibigay ang numero ng ID ng planong pang-ngipin mo, ang pangalan mo, at ang dahilan ng reklamo mo.
- **Sa Pamamagitan ng Koreo:** tumawag sa **1-844-233-4522** (TTY **1-800-466-7566**). Hilingin na ipadala sa iyo ang isang form. Kapag nakuha mo na ang form, punan ito. Siguraduhing isama ang iyong pangalan, numero ng ID ng planong pang-ngipin, at ang dahilan ng reklamo mo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ikoreo ang form sa:

[Health Net](#)

PO Box 10348

Woodland Hills, CA 91410-0348

- **Online:** Bisitahin ang website ng [Health Net](#) . Pumunta sa www.hndental.com

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng reklamo mo, makakatulong kami. Makakapagbigay kami ng libreng mga serbisyo ng wika. Tumawag sa **1-844-233-4522** (TTY **1-800-466-7566**).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo pagkatapos makuha ang reklamo mo, padadalhan ka namin ng sulat na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan ka namin ng isa pang sulat na nagsasabi sa iyo kung paano namin nalutas ang problema mo.

Kung mayroon kang apurahang bagay na kinasasangkutan ng isang seryosong alalahanin sa kalusugan, magsisimula kami ng isang pinabilis (mabilis) na pagrepaso. Bibigyan ka namin ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang reklamo



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1-844-233-4522** (TTY/TDD **1-800-466-7566**). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

mo. Para humiling ng pinabilis na pagrepaso, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Sa loob ng 72 oras ng pagtanggap ng reklamo mo, magdedesisyon kami kung paano namin aasikasuhin ang reklamo mo at kung mapapabilis namin ito. Kung nalaman namin na hindi namin mapapabilis ang reklamo mo, sasabihin namin sa iyo na lulutasin namin ang reklamo mo sa loob ng 30 araw. Maaari mong direktang kontakin ang DMHC para sa anumang dahilan, kabilang ang kung naniniwala kang kwalipikado ang alalahanin mo para sa pinabilis na pagrepaso, hindi tumugon sa iyo ang [Health Net](#) sa loob ng 72 oras, o kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng [Health Net](#).

Mga Apela

Ang isang apela ay iba sa isang reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para sa repasuhin at baguhin ng [Health Net](#) ang isang desisyon na ginawa namin tungkol sa pagsaklaw para sa isang hiniling na serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng liham na Abiso ng Pagkilos (NOA) na nagsasabi sa iyo na tinatanggihan, inaantala, binabago, o winawakasan namin ang isang serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang maghain ng apela, o maaaring maghain ng apela ang iyong PCD para sa iyo. Kakailanganin muna ng iyong PCD na kumuha ng form ng awtorisasyon ng representasyon (AOR) mula sa iyo para magpatuloy sa pagsusumite ng apela.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng koreo, o online. Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa sa NOA na natanggap mo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat sa pamamagitan ng koreo, o online:

- **Sa Pamamagitan ng Telepono:** tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID ng plano ng kalusugan, at ang serbisyong inaapela mo.
- **Sa pamamagitan ng Koreo:** Mahahanap ang kopya ng form sa website ng [Health Net](#) sa https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/members/appeals-and-grievances/medi-cal-dental-appeals-and-grievances.html. O maaari kang tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)) at hilingin na ipadala sa iyo ang form. Kapag nakuha mo na ang form, punan ito. Siguraduhing isama ang iyong pangalan, numero ng ID ng planong pang-ngipin, at ang serbisyong inaapela mo.

Ikoreo ang form sa:

[Health Net](#)

PO Box 10348

Woodland Hills, CA 91410-0348



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

- **Online:** Bisitahin ang website ng [Health Net](https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/members/medi-cal.html) . Pumunta sa https://www.healthnet.com/content/healthnet/en_us/members/medi-cal.html

Kung sasabihin sa iyo ng naipadala naming abiso na hihinto ang mga serbisyo, maaari kang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo sa panahon ng apela mo. Para magawa iyon, dapat humiling ka o ang iyong PCD ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na ipinadala sa iyo ang abiso. Dapat mong sabihin sa amin na gusto mong ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng apela mo, makakatulong kami. Makakapagbigay kami ng libreng mga serbisyo ng wika. Tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo pagkatapos makuha ang apela mo, padadalhan ka namin ng sulat na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at padadalhan ka ng liham ng Abiso ng Resolusyon ng Apela (Notice of Appeal Resolution, NAR). Kung hindi namin ibibigay sa iyo ang aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa Kagawaran ng Social Services ng California (California Department of Social Services, CDSS) at isang Independyenteng Medikal na pagrepaso (IMR) sa DMHC.

Kung gusto mo o ng iyong dentista na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na kinakailangan para malutas ang apela mo ay magsasapanganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumanap, maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagrepaso. Para humiling ng pinabilis na pagrepaso, tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang apela mo.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong sa mga tao mula sa Kagawaran ng Social Services ng California (DSS). Tutulong ang isang hukom para malutas ang problema mo. Maaari ka lamang humiling ng Pagdinig ng Estado **pagkatapos** mong makumpleto ang proseso ng apela sa loob ng [Health Net](https://www.healthnet.com) at hindi ka pa rin nasisiyahan sa desisyon o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa apela mo pagkatapos ng 30 araw.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o koreo. Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi lalampas sa 120 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng abiso na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela. Maaaring humiling ang iyong PCD ng Pagdinig ng Estado para sa iyo kung makakakuha siya ng pag-apruba mula sa DSS. Tumawag sa DSS para hilingin sa estado na magbigay ng pag-apruba para sa iyong PCD na humiling ng isang Pagdinig ng Estado.

Kung sasabihin sa iyo ng naipadala naming abiso na hihinto ang mga serbisyo, maaari kang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo sa panahon ng iyong Pagdinig ng Estado. Para magawa iyon, dapat humiling ka o ang iyong PCD ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na ikinoreo sa iyo ang abiso. Dapat mong sabihin na gusto mong ipagpatuloy

69



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

ang pagtanggap ng mga serbisyo.

Para humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono, tawagan ang Kagawaran ng Social Services ng California (DSS) Yunit ng Pamublikong Pagresponde sa **1-800-952-5253. (TDD 1-800-952-8349).**

Para humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng koreo, punan ang form na ibinigay sa iyo kasama ng abiso sa resolusyon ng mga apela mo. Ipadala ito sa:

Dibisyon ng Mga Pagdinig ng Estado ng Kagawaran ng Social Services ng California
P.O. Box 944243, MS 09-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng Pagdinig ng Estado, makakatulong kami. Makakapagbigay kami ng libreng mga serbisyo ng wika. Tumawag sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).

Sa pagdinig, sasabihin mo sa hukom kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng [Health Net](#). sasabihin sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Maaaring umabot ng hanggang 90 araw para mapagdesisyonan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng [Health Net](#) kung ano ang desisyon ng hukom.

Kung gusto mong gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na kailangan para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay magsasapanganib sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na gumanap, maaari ka o ang iyong PCD na sumulat sa DSS. Maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ng desisyon ang DSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo pagkatapos nitong makuha ang kahilingan mo.

Kung nagroon ka nang Pagdinig ng Estado, **hindi** ka maaaring humiling ng IMR. Ngunit, kung humiling ka muna ng IMR at hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari ka pa ring humiling ng Pagdinig ng Estado.



Panloloko, pag-aaksaya at Pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan mo na ang isang tagapagkaloob o isang tao na nakakuha ng Medi-Cal ay nakagawa ng panloloko, pag-aaksaya o pang-aabuso, karapatan at responsibilidad mong isumbong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na walang bayad na numero 1-800-822-6222 o pagsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso ng tagapagkaloob ang:

- Pagbabago sa mga rekord na pang-ngipin
- Pagrereseta ng higit pang gamot kaysa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng higit pang mga serbisyo ng pangangalagang pang-ngipin kaysa medikal na kinakailangan
- Pagbi-bill sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Ang pagbi-bill para sa mga propesyonal na serbisyo kapag hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo.

Ang panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso ng isang taong nakakakuha ng mga benepisyo ay kinabibilangan ng:

- Pagpahiram, pagbebenta o pagbibigay ng ID card ng planong pang-ngipin o Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyo ng Medi-Cal (BIC) sa ibang tao
- Pagkuha ng katulad o parehong mga paggamot o gamot mula sa higit sa isang tagapagkaloob
- Pagpunta sa silid ng emerhensiya kapag hindi ito emerhensiya
- Paggamit sa numero ng Social Security o numero ng ID ng planong pang-ngipin ng ibang tao

Para isumbong ang panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya o pang-aabuso. Magbigay ng maraming impormasyon hangga't maaari tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung ito ay isang tagapagkaloob. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at isang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong sumbong sa:

Health Net

PO Box 2182

Milwaukee, WI 53201-2182



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Kalusugan ng California ay may pananagutan sa pag-aayos ng mga plano ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong plano ng kalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong plano ng kalusugan sa (ilagay ang numero ng telepono ng plano ng kalusugan) at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong plano ng kalusugan bago kontakin ang kagawaran. Ang paggamit sa pamamaraang ito ng karaingan ay hindi nagbabawal sa anumang potensyal na legal na karapatan o mga remedyo na maaaring magagamit para sa iyo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emerhensiya, isang karaingan na hindi pa lubusang naresolba ng iyong plano ng kalusugan, o isang karaingan na nanatiling hindi nalutas nang higit sa 30 araw, maaari kang tumawag sa kagawaran para sa tulong. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa isang Independyenteng Medikal na Pagrepaso (IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng walang kinikilingan na pagrepaso sa mga medikal na desisyon na ginawa ng isang plano ng kalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsaklaw para sa mga paggagamot na pang-eksperimento o pagsisiyasat ang layunin at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa emerhensiya o apurahang mga serbisyong medikal. Mayroon ding libreng tool na numero ng telepono ang kagawaran (1-888-466-2219) at linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng kagawaran www.dmh.ca.gov ay may mga form ng reklamo, mga form sa aplikasyon ng IMR a mga tagubilin online



8. Mahalagang mga numero at salitang dapat malaman

Mahalagang mga numero ng telepono

- [Health Net](tel:1-844-233-4522) na Mga Serbisyo sa Miyembro [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566))
- Mga Benepisyaryong Pang-ngipin ng Medi-Cal: 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922)
- Sentro ng Tulong ng DMHC: 1-888-466-2219
- Mga Opsyon sa Pangangalaga ng Kalusugan – Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal: 1-800-430-4263
- Alyansa ng Konsumidor ng Kalusugan: 1-888-804-3536
- Pagiging Karapat-dapat sa Medi-Cal: 1-800-541-5555
- Makatarungang Pagdinig ng Medi-Cal: 1-800-952-5253 (TTY 1-800-952-8349)
- Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal: 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077)
- Ombudsman ng Medi-Cal: 1-888-452-8609



73

Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Mga salitang dapat malaman

Amerikanong Indian: Indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng “Indian” sa ilalim ng pederal na batas sa 42 CFR seksyon 438.14, na tumutukoy sa isang tao bilang isang “Indian” kung natutugunan ng tao ang alinman sa mga sumusunod:

- Ay isang miyembro ng isang pederal na kinikilalang tribong Indian
- Nakatira sa isang sentro ng bayan at nakakatugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
 - Miyembro ng isang tribo, banda, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribo, banda o grupo na winakasan mula noong 1940 at ang mga kinikilala ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan sila nakatira, o kung sino ang inapo sa una o ikalawang antas ng alinmang miyembro.
 - Ay isang Eskimo o Aleut o iba pang Katutubo ng Alaska
 - Itinuturing ng Kalihim ng Panloob na isang Indian para sa anumang layunin
 - Determinado na maging Indian sa ilalim ng mga regulasyong inilabas ng Kalihim ng Panloob

Mga Apela: Ang kahilingan ng isang miyembro na humihiling sa [Health Net](#) na repasuhin at baguhin ang isang desisyon na ginawa tungkol sa pagsaklaw para sa isang hiniling na serbisyo. Maaaring maghain ng apela ang dentista mo.

Maaaring malapat: Nalalapat sa, o tumutukoy sa pagkakaroon ng epekto sa isang tao o isang bagay.

Awtorisasyon: Tingnan ang Paunang Awtorisasyon.

Pagbi-bill sa Balanse: Pagbi-bill sa isang pasyente para sa natira sa pagitan ng aktwal na singil ng dentista at ang halagang binayaran ng [Health Net](#). Maliban sa mga copayment at Pagbabahagi ng Gastos, hindi pinapayagan ang pagbi-bill sa balanse para sa mga nasaklaw na serbisyo.

Benepisyaryo: Pakitingnan ang "Miyembro".

Card ng Pagkakakilanlan ng Benepisyaryo (BIC): Ang card ng pagkakakilanlan ng Medi-Cal na ibinigay ng Kagawaran ng Mga Serbisyo ng Pangangalaga ng Kalusugan sa mga miyembro. Kabilang sa BIC ang numero ng benepisyaryo at iba pang mahalagang impormasyon.

74



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

Mga Benepisyo: Mga serbisyong pang-ngipin na ipinagkaloob ng isang dentista ng [Health Net](#) na magagamit sa pamamagitan ng Pang-ngipin ng Medi-Cal.

Programa sa Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (CCS): Isang programa sa pampublikong kalusugan na nagkakaloob ng mga espesyal na serbisyo sa diagnostic, paggamot, at therapy sa mga karapat-dapat na batang wala pang 21 taong gulang na may mga karapat-dapat na kondisyong pangkalusugan, sakit, o kronikong problema sa kalusugan gaya ng tinukoy ng mga regulasyon ng estado.

Mga Carie: Isa pang termino para sa pagkabulok ng ngipin o mga cavity.

Klinikal na Screening: Isang eksaminasyon ng isang dentista para magbigay ng opinyon tungkol sa pagiging angkop ng paggamot na iminungkahi o ipinagkaloob ng ibang dentista ng [Health Net](#). Maaaring iatas ng [Health Net](#) ang klinikal na screening sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon.

Reklamo: Ang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kakuntentuhan ng isang miyembro, kabilang ang anumang hindi pagkakaunawaan, kahilingan para sa muling ikonsidera, o apela na ginawa mo, o isang dentista sa ngalan mo. Maaari ding gawin ng kinatawan mo ang isang reklamo. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

Pagpapatuloy ng Pangangalaga: Ang kakayahan ng isang miyembro na patuloy na makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang tagapagkaloob na wala sa network nang hanggang 12 buwan kung sumang-ayon ang tagapagkaloob at [Health Net](#).

Koordinasyon ng Mga Benepisyon (COB): Ang proseso ng pagtukoy kung aling pagsaklaw ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance, o iba pa) ang may pangunahing paggamot at mga responsibilidad sa pagbabayad para sa mga miyembrong may higit sa isang uri ng pagsaklaw ng insurance.

Copayment: Isang maliit na bahagi ng bayad sa dentista na binabayaran ng benepisyaryo.

Mga Nasaklaw na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan responsable ang [Health Net](#) sa pagbabayad. Ang mga nasaklaw na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal, anumang pag-amyenda sa kontrata, at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (kilala rin bilang Pinagsamang Katibayan ng Pagsaklaw (EOC) at Form ng Pagbubunyag). [Health Net](#).



DHCS: Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng California Ito ang tanggapan ng estado na nangangasiwa sa Pang-ngipin ng Medi-Cal.

Mag-disenroll: Para ihinto ang paggamit ng isang planong pang-ngipin dahil ang miyembro ay hindi na kwalipikado, o nagbabago sa isang bagong planong pang-ngipin. Dapat pumirma ang miyembro sa isang form na nagsasabing hindi na nila gustong gamitin ang planong pang-ngipin o tumawag sa Mga Opsyon sa Pangangalaga ng Kalusugan at mag-disenroll sa pamamagitan ng telepono.

DMHC: Ang Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Kalusugan ng California. Ito ang opisina ng estado na nangangasiwa sa mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng kalusugan at mga planong pang-ngipin.

Plano ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pang-ngipin: Isang planong Pang-ngipin ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng ilang partikular na dentista, espesyalistang pang-ngipin, tagapagkaloob, klinika, at ospital para sa mga tatanggap ng Medi-Cal na naka-enroll sa planong iyon. Pinamamahalaang planong pang-ngipin ang [Health Net](#).

Espesyalistang Pang-ngipin: Isang dentista na nagkakaloob ng may espesyalidad na pangangalaga tulad ng endodontics, operasyon ng bibig, pediatric dentistry, periodontics, at orthodontics (mga brace).

Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis at Paggamot (EPSDT): Isang pederal na programa na nangangailangan ng pangangalaga ng kalusugan para sa mga batang wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng mga pana-panahong screening, diagnostic at mga serbisyo sa paggamot. Kabilang ang pangangalagang pang-ngipin sa

programang EPSDT. Mangyaring sumangguni din sa "Medi-Cal para sa mga Bata at Kabataan".

Pagiging karapat-dapat: Tumutukoy sa pagtugon sa mga kinakailangan para makatanggap ng mga benepisyo ng Medi-Cal.

Emerhensiyang Pangangalaga: Isang eksaminasyong pang-ngipin at/o pagsusuri ng isang dentista ng [Health Net](#) o espesyalistang pang-ngipin para matukoy kung mayroong emerhensiyang kondisyong pang-ngipin, at para magkaloob ng pangangalaga para gamutin ang anumang mga sintomas na emerhensiya sa loob ng kakayahan ng pasilidad sa loob ng kinikilalang propesyonal na mga pamantayan ng pangangalaga.

Emerhensiyang Kondisyong Pang-ngipin: Isang kondisyong pang-ngipin na ang kawalan ng agarang atensyon ay makatuwirang inaasahan na magreresulta sa

76



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

paglalagay sa kalusugan ng indibidwal sa alanganin, na nagdudulot ng matinding pangangirod o pagkasira ng pagganap.

Endodontist: Isang espesyalistang pang-ngipin na naglilimita sa kanyang pagsasagawa sa paggamot sa karamdaman at mga pinsala sa pulp at ugat ng ngipin.

Nakatatag na pasyente: Isang pasyente na may kasalukuyang relasyon sa isang tagapagkaloob at pumunta sa tagapagkaloob na iyon sa loob ng tinukoy na tagal ng oras na itinatag ng planong pangkalusugan.

Pagbubukod: Tumutukoy sa anumang pamamaraan o serbisyong pang-ngipin na hindi magagamit sa ilalim ng Pang-ngipin ng Medi-Cal.

Panloloko: Ang isang sinadyang kilos para paglilinlang o pagsisinungaling ng isang taong nakakaalam ng panlilinlang ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyong para sa tao o sa ibang tao.

Karaingan: Ang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng kawalang kakuntentuhan ng isang miyembro tungkol sa isang serbisyong nasaklaw ng Medi-Cal, [Health Net](#), o isang tagapagkaloob. Ang isang reklamong inihain sa [Health Net](#) tungkol sa isang tagapagkaloob ng network ay isang halimbawa ng isang karaingan.

Pagkakakilanlan: Tumutukoy sa isang bagay na nagpapatunay kung sino ang isang tao, tulad ng lisensya sa pagmamaneho.

Mga Limitasyon: Tumutukoy sa bilang ng mga serbisyong pinapayagan, uri ng serbisyong pinapayagan, at/o ang pinaka-abot-kayang serbisyong naaangkop na pang-ngipin.

Dentista ng Medi-Cal: Isang dentista na naaprubahan na magkaloob ng mga nasaklaw na serbisyo sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan: Isang benepisyong para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng mga pana-panahong screening, diagnostic at mga serbisyo sa paggamot. Ang benepisyong ito ay kilala rin bilang benepisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas. Kabilang ang pangangalagang pang-ngipin sa programang EPSDT.

Medikal na Kinakailangan: Mga nasaklaw na serbisyo na kinakailangan at angkop para sa paggamot ng mga ngipin, gilagid, at mga sumusuportang istruktura at na (a) ibinibigay

77



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

ayon sa kinikilalang propesyonal na mga pamantayan ng pagsasanay; (b) tinutukoy ng gumagamot na dentista na naaayon sa kondisyong pang-ngipin; at (c) ay ang pinakaangkop na uri, suplay at antas ng serbisyo na ikinokonsidera ang mga potensyal na panganib, benepisy, at mga nasaklaw na serbisyo na mga alternatibo.

Miyembro: Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa [Health Net](#) na may karapatang makakuha ng mga nasaklaw na serbisyo.

Hindi Nasaklaw na Serbisyo: Isang pamamaraan o serbisyong pang-ngipin na hindi nasaklaw na benepisy.

Hindi Medikal na Transportasyon: Transportasyon kapag naglalakbay papunta sa at magmumula sa isang appointment para sa isang nasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal na awtorisado ng tagapagkaloob ng isang miyembro.

Hindi Kalahok na Dentista: Isang dentista na hindi naka-enroll sa Medi-Cal at hindi awtorisadong magkaloob ng mga serbisyo sa mga karapat-dapat na benepisyaryo ng Medi-Cal.

Abiso ng Awtorisasyon (NOA): Isang form na binuo ng computer na ipinapadala sa mga dentista bilang tugon sa kanilang kahilingan para sa awtorisasyon ng mga serbisyo. (Tingnan ang Kahilingan sa Awtorisasyon ng Paggamot.)

Iba Pang Pagsaklaw ng Kalusugan / Iba Pang Insurance ng Kalusugan: Pagsaklaw para sa mga serbisyong nauugnay sa pang-ngipin na maaaring mayroon ka sa ilalim ng anumang pribadong planong pang-ngipin, anumang programa ng insurance, anumang iba pang estado o pederal na programa sa pangangalagang pang-ngipin, o sa ilalim ng iba pang kontraktwal o legal na karapatan.

Siruhano ng Bibig: Isang espesyalistang pang-ngipin na nililimitahan ang kanyang pagsasanay sa pag-diagnose at operasyong paggamot ng mga karamdaman, pinsala, deformidad, depekto at hitsura ng bibig, mga panga at mukha.

Orthodontist: Isang espeyalistang pang-ngipin na nililimitahan ang kanyang pagsasanay sa pag-iwas at paggamot ng mga problema sa paraan ng akmaang pagsasama ng itaas at ibabang ngipin sa pagkagat o pagnguya.

Tagapagkaloob na Wala sa Network: Isang tagapagkaloob na hindi bahagi ng network ng [Health Net](#).

Palliative na Pangangalaga: Paggamot na nagpapagaan ng pangangirog ngunit hindi inaayos ang problemang nagdudulot ng pangangirog, o nagkakaloob lamang ng pansamantalang pag-aayos.



Kalahok na Tagapagkaloob ng Pang-ngipin: Isang tagapagkaloob na naka-enroll sa Medi-Cal na nagkakaloob ng mga serbisyong pang-ngipin sa miyembro ng Plano.

Pediatric na Dentista: Isang espesyalistang pang-ngipin na nililimitahan ang kanyang pagsasanay sa paggamot sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang sa kabataan, na nagkakaloob ng pangunahin at buong hanay ng pang-iwas pangangalagang paggamot.

Periodontist: Isang espesyalistang dentista na nililimitahan ang kanyang pagsasanay sa paggamot ng mga karamdaman ng giligid at tissue sa paligid ng ngipin.

Plano: Pakitingnan ang “Plano ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pang-ngipin”.

Premium: Ang halaga ng pera na dapat bayaran ng isang tao buwan-buwan para sa pang-ngipin na pagsaklaw. Hindi kailangang magbayd ng premium ang mga miyembro ng plano.

Paunang Pag-apruba (Paunang Awtorisasyon): Isang kahilingan ng isang dentista ng [Health Net](#) na aprubahan ang mga serbisyo bago isagawa ang mga ito. Ang mga dentista ay tumatanggap ng Abiso ng Awtorisasyon (NOA) mula sa [Health Net](#) para sa mga naaprubahang serbisyo.

Code ng Pamamaraan: Isang numero ng code na tumutukoy sa isang partikular na serbisyong medikal o pang-ngipin.

Prosthodontist: Isang espesyalistang pang-ngipin na nililimitahan ang kanyang pagsasanay sa pagpapalit ng mga nawawalang ngipin ng mga pustiso, bridge o iba pang mga kapalit.

Mga Tagapagkaloob: Isang indibidwal na dentista, Rehistradong Pang-ngiping Hygienist sa Alternatibong Kasanayan (Registered Dental Hygienist in an Alternative Practice, RDHAP), grupong pang-ngipin, paaralang pang-ngipin o klinikang pang-ngipin na naka-enroll sa programang pang-ngipin ng Medi-Cal para magbigay ng pangangalagang pangkalusugan at/o serbisyong pang-ngipin sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

Direktoryo ng Tagapagkaloob: Isang listahan ng lahat ng tagapagkaloob sa network ng [Health Net](#).

Pagsasangguni: Kapag sinabi ng iyong PCP na maaari kang makakuha ng pangangalaga mula sa ibang tagapagkaloob. Ang ilang nasaklaw na pangangalaga at

79



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)). Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.

Libre ang tawag.

O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com

serbisyo ay nangangailangan ng pagsasangguni at paunang pag-apruba.

Mga Kinakailangan: Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o mga alintuntuning dapat mong sundin.

Responsibilidad: Tumutukoy sa isang bagay na dapat mong gawin, o inaasahang gawin.

Rural na Klinika ng Kalusugan (Rural Health Clinic, RHC): Isang sentro ng kalusugan sa isang lugar na walang maraming tagapagkaloob. Ang mga miyembro ay maaaring makakuha ng pang-iwas na pangangalaga sa isang RHC.

Lugar ng serbisyo: Ang heyograpikong lugar na pinagsisilbihan ng [Health Net](#). Kabilang dito ang mga lalawigan ng [Sacramento at Los Angeles](#).

Pagbabahagi ng Gastos: Ang pagbabahagi ng mga gastusin sa kalusugan na dapat bayaran o ipangako ng isang benepisyaryo na babayaran bago magawa ang anumang mga pagbabayad sa Medi-Cal para sa buwang iyon.

Lagda: Tumutukoy sa pangalan mo na nakasulat sa sulat-kamay mo.

Pagdinig ng Estado: Ang Pagdinig ng Estado ay isang legal na proseso na nagpapahintulot sa mga benepisyaryo na humiling ng muling pagsusuri ng anumang tinanggihan o binagong Kahilingan sa Awtorisasyon ng Paggamot (TAR). Pinapayagan din nito ang isang benepisyaryo o dentista na humiling ng muling pagsusuri ng isang kaso ng pag-reimburse.

Kahilingan sa Awtorisasyon ng Paggamot (TAR): Isang kahilingang isinumite ng isang dentista ng [Health Net](#) para sa pag-apruba ng ilang mga nasaklaw na serbisyo bago magsimula ang paggamot. Ang isang TAR ay kinakailangan para sa ilang mga serbisyo at sa ilalim ng mga espesyal na pangyayari.

Form ng TAR/Claim: Ang form na ginagamit ng isang dentista kapag humihiling ng awtorisasyon na magsagawa ng serbisyo o tumanggap ng pagbabayad para sa isang nakumpletong serbisyo.

Apurahang pangangalaga (o apurahang serbisyo): Mga serbisyong ipinagkakaloob para gamutin ang isang hindi pemerhensiyang karamdaman, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng pangangalagang pang-ngipin. Maaaring makakuha ng apurahang pangangalaga ang mga miyembro mula sa isang tagapagkaloob na wala sa network kung pansamantalang hindi magagamit o naa-access ang mga tagapagkaloob na nasa network.



HN3438 LA (4.25) HBTAG

81



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa [1-844-233-4522](tel:1-844-233-4522) (TTY/TDD [1-800-466-7566](tel:1-800-466-7566)).
Naririto ang Health Net Lunes hanggang Biyernes 8:00 am hanggang 5:00 pm.
Libre ang tawag.
O tumawag sa Linya ng Relay ng California sa 711. Bumisita online sa www.hndental.com